# 2

# Ang Bagong Batang Pinoy

# Filipino

## Kagamitan ng Mag-aaral

Yunit 3

DEPED COPY

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang**
**Filipino - Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9990-66-6**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Punong Tagapangasiwa:** Luz S. Almeda, Ph. D.; **Pangalawang Tagapangasiwa:** Rizalino Jose T. Rosales; **Lider:** Victoria R. Mayo; **Manunulat:** Nilda S. D. Garcia, Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, Estela C. Cruz; **Tagapag-ambag:** Aurora E. Batnag, Ma. Fe C. Balaba, Nelly I. Datur, Avizen C. Siño, Felix Q. Casagan, Ruby E. Baniqued, Nora C. Bernabe, Maribel R. Mendoza, Kristina L. Ballaran, Rechelle M. Meron; **Editor:** Arsenia C. Lara, Amaflor C. Alde; **Kasangguni:** Angelika D. Jabines; **Tagapagtala:** Ma. Cynthia P. Orozco; **Taga-anyo:** Christopher C. Artuz, Leonor Barraquias; **Tagapag-guhit:** Bernie John E. Isip at Francischarl S. Isip

**Inilimbag sa Pilipinas ng Rex Book Store, Inc.**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 2nd Floor, Dorm G, PSC Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 634 -1054 o 634 -1072 |
| E-mail Address: | imcsetd@yahoo.com |

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# PAUNANG SALITA

Kumusta ka na? Binabati kita at ikaw ay nasa Ikalawang Baitang na ng iyong pag-aaral!

Ang Kagamitang ito ay sadyang inihanda para sa iyo. Ito ang magsisilbing gabay mo para sa iyong pag-aaral ng asignaturang Filipino 2. Inaasahan na sa paggamit mo nito ay magiging aktibo ka sa talakayan sa loob ng klase at maipahahayag mo nang wasto at maayos ang iyong mga personal na ideya at karanasan kaugnay ng pinag-aaralan sa klase.

Ang mga babasahin at mga gawain dito ay isinaayos at pinili upang magkaroon ka ng maunlad na kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, pagsulat, pagbasa, at panonood.

Ang mga aralin ay nahahati sa apat na yunit. Ito ay ang sumusunod:

Yunit I - Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya

Yunit II - Pakikipagkapwa-Tao

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Yunit III - Pagmamahal sa Bansa
Yunit IV - Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan

Sa bawat aralin, ang sumusunod na gawain ay iyong masusubukan upang higit na mapagyaman ang iyong kakayahan.

**SUBUKIN NATIN** – Sa bahaging ito malalaman natin ang kakayahan at kasanayang abot-alam mo na. Ito ay gagawin sa unang araw ng bawat aralin o linggo. Huwag kang matakot sa pagsasagot sapagkat ito ay hindi makaaapekto sa iyong grado. Nais lamang nating malaman ang dati mong kaalaman o karanasan na may kaugnayan sa pag-aaralan.

**BASAHIN NATIN** – Babasahin mo ang mga tekstong sadyang isinulat para sa iyo upang matukoy o magkaroon ka ng ideya kung ano ang pag-aaralan mo sa buong linggo. Ang mga tekstong ito ay maaaring alamat, pabula, kuwentong bayan,



DEPED COPY
All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

mga pantasya o likhang isip, at mga salaysay ayon sa karanasan ng mga ibang mag-aaral. Ito ang magiging susi upang higit mong maunawaan ang mga aralin natin. Huwag kang mabahala. Laging nakaagapay ang iyong guro sa lahat ng gagawin mo.

**SAGUTIN NATIN** – Dito susubukin nating malaman kung lubos mong naunawaan ang napakinggan o nabasa mong teksto.

**PAHALAGAHAN NATIN** – Sa bahaging ito, mauunawaan natin ang kagandahang asal at pag-uugali na nais ituro sa atin ng napakinggan o nabasang teksto.

**GAWIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng iba't ibang pagsasanay kaugnay ng aralin. Maaaring ito ay kasama ng iba mong kamag-aral o maaari din namang pang-isahang gawain.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**SANAYIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng pagkakataon na malinang lalo ang kasanayan sa napag-aralan kasama ang ibang pangkat sa pamamagitan ng mga karagdagang gawain.

**TANDAAN NATIN** – Sa bahaging ito, mababasa natin ang mga kaisipang dapat nating tandaan kaugnay ng araling tinalakay.

**LINANGIN NATIN** – Dito higit na papaunlarin ang kasanayan at kaalaman na natutunan sa natapos na aralin.

Sa pamamagitan din ng Kagamitang ito, nawa ikaw ay maging maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabayang batang Pilipino.

Isang Bagong Batang Pinoy na handa sa mga pagbabagong dala ng kapaligiran at ng makabagong teknolohiya.

Maligayang pag-aaral sa iyo!

**MGA MAY AKDA**



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

## Talaan ng Nilalaman

**Yunit 3: Pagmamahal sa Bansa**

**Aralin 1: Bansa Ay Uunlad Kung Sama-samang Nangangarap** ..... 260
Pagtukoy sa mga Salitang May Maling Baybay sa Isang Pangungusap
Ang Pangarap ni Nilo ............ 260
Si Editha Qwaider ............... 262
Ang Mabait na Batang si Crisanto ................. 268
Ang Bago Kong Kaibigan ......... 269

**Aralin 2: Paalala Ko Sundin Mo** ............ 276
Pandiwang Pangnagdaan
Payak na Pangungusap Gamit ang mga Salitang Kilos sa Tula
Ang Paalala kay Arnel ........... 276
Batang Bayani................... 285

**Aralin 3: Lugar na Kinagisnan, Halina't Pasyalan** .............. 288
Pandiwang Pangkasalukuyan
Kakaiba ang Camiguin.......... 288
Pambansang Bulaklak ........... 292
Si Nanay at si Aling Doray ........ 295

**Aralin 4: Katangian Mo, Kalakasan Mo**..... 303
Pandiwang Panghinaharap
Paghahanda sa Bakasyon ni Cita..................... 303
Si Ginoong John de la Cruz ...... 304
Ang Kamay.................... 307

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | |
|---|---|---|
| **Aralin 5**: | **Halika, Mamasyal Tayo** . . . . . . . . . . . | 320 |
| | Pang-uri | |
| | Masayang Bakasyon . . . . . . . . . . . . | 321 |
| | Ang Lakbay-Aral . . . . . . . . . . . . . . . . . | 324 |
| | Ang Rizal Park . . . . . . . . . . . . . . . . . . | 326 |
| | Ang Pasko . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | 330 |
| **Aralin 6:** | **Produktong Gawa Natin, Ating Tangkilikin!** . . . . . . . . . . . . . . . | 332 |
| | Pang- uring Pamilang | |
| | Ang Pamimili ni Aling Sonia . . . . . . . | 334 |
| | Pagsalubong sa Bisita . . . . . . . . . . . | 337 |
| | Ang Kaarawan ni Kim . . . . . . . . . . . | 340 |
| **Aralin 7**: | **Kalikasan, Ating Alagaan** . . . . . . . . | 347 |
| | Pang-uring Pahambing | |
| | Nagtampo ang Kalikasan . . . . . . . | 348 |
| | Ang Mangingisda. . . . . . . . . . . . . . . . | 351 |
| **Aralin 8**: | **Kalinisan, Panatilihin Natin!** . . . . . . . | 361 |
| | Pang-uring Pasukdol | |
| | Operasyon Linis . . . . . . . . . . . . . . . . . | 362 |
| | Ang Huwarang Barangay . . . . . . . . | 373 |


DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Yunit 3
## Pagmamahal sa Bansa



Pagmamahal sa bayan
ay ating pananagutan
Bilang mamamayang
may malasakit sa lipunan
Makibahagi at makisangkot
sa nagaganap sa kapaligiran
Nang kapayapaan at pagkakaisa
makamtan ng sanlibutan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 1: Bansa Ay Uunlad kung Sama-samang Nangangarap




Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung wasto ang sinasabi ng pangungusap at **Mali** kung hindi.

1. Ang bawat bida sa kuwento ay may kaniya-kaniyang katangian.
2. Ang pang-ugnay na at ay ginagamit sa pagpapaikli ng parirala.
3. Ang salitang blusa at bloke ay may kambal-katinig na /bl/.
4. Ang ay ay ginagamit upang pag-ugnayin ang pangngalan at pandiwa upang makabuo ng pangungusap.
5. Ang panghalip panao na siya kapag nilagyan ng ay ay maaaring paikliin.




### Ang Pangarap ni Nilo

Si Nilo ay nasa ikalawang baitang ng Paaralang Elementarya ng Sampalukan. Nais niya na ang lahat ng mga batang Pilipino ay mabigyan ng sapat na pagkain upang lumaki silang malusog at makatapos ng pag-aaral. Marami siyang nais matupad sa sarili, maging sa kapwa niya na batang mahihirap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Nais niyang magkaroon ng palaruan ang bawat barangay upang sila ay makapaglibang. Nais niya na mapangalagaan ang mga punongkahoy sa kagubatan upang maiwasan ang pagkakaroon ng baha tulad ng nangyari nang magdaan ang bagyong Ondoy at Pablo na pumatay at sumira ng ari-arian ng maraming tao. Nais niya ang isang malinis at tahimik na kapaligiran para maging ligtas ang lahat. Sa ganoon, magkakaroon ang lahat ng magandang kinabukasan at ang dulot nito'y maunlad na bansa.




- Sino ang batang nangarap sa kuwento?
- Ano-ano ang pangarap ni Nilo para sa kaniyang sarili at sa ibang mga batang Pilipino?
- Bakit nais niyang mapangalagaan ang kapaligiran?
- Ano ang katangian ni Nilo?
- Dapat ba siyang tularan? Ipaliwanag ang sagot.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Ang pagnanais ng kabutihan para sa kapwa, sa bayan, at sa kapaligiran ay isang magandang pag-uugali.

## Gawin Natin

Iguhit ang iyong pangarap para sa kapaligiran at sa kapwa bata.

## Sanayin Natin

### Si Editha Qwaider



Si Editha Qwaider ay isang ordinaryong tao na naging matagumpay sa larangan ng negosyo. Siya ay nagmamay-ari ng isang malaking negosyo na **rent-a-car** sa Lungsod ng Makati.

Nag-umpisa lamang siya sa dalawang **second hand** na kotse ngunit napaunlad niya ang kaniyang negosyo. Ngayon ay may isang daang kotse na pawang mga bago na kaniyang pag-aari.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Bukod dito, nakapagpatayo rin siya ng **manpower services**, na nangangasiwa sa mga papel ng mga taong nagnanais magtrabaho sa ibang bansa.

"Sipag at tiyaga ang susi. Dapat mapag-aralan mo ang lahat ng pagpapatakbo sa negosyo," ang sabi niya. "Kailangan handa ka rin sa mga problemang darating. Ganyan naman tayong mga Pilipino, 'di ba, lumalaban sa buhay? Naranasan ko rin ang malugi at maisangla ang mga alahas ngunit kailangang maging matapang at matibay ako na harapin ang mga pagsubok ng buhay. Sa ngayon inaani ko ang bunga ng aking pagsisikap," dagdag pa niya.

Sa kabila ng tagumpay niya, nananatili pa rin siyang mapagpakumbaba at maka-Diyos.

1. Sino ang inilalarawan?
2. Ano-ano ang katangian niya?
3. Ano ang mga naging susi niya sa tagumpay?
4. Paano siya nagsimula sa kaniyang negosyo?
5. Dapat ba siyang tularan?
6. Paano ka magiging tulad niya?



## Tandaan Natin

Ang mga ikinilos at mga pahayag ng mga tauhan sa isang teksto ay makapagsasabi ng kanilang katangian.

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Iguhit ang masayang mukha (☺) kung tama ang sinasabi ng pangungusap tungkol sa katangian ng tauhan at malungkot na mukha (☹) naman kung mali.

1. Si Nilo ay batang may pangarap.
2. Si Nilo ay malungkuting bata.
3. Siya ay mabait dahil iniisip niya ang kapwa niyang bata.
4. Siya rin ay batang makakalikasan.
5. Iniisip lang niya ang kaniyang sariling kapakanan.

Tukuyin ang katangian o ugali ng tauhan batay sa kaniyang pahayag o ginawa. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| maaasahan | makulit | mapagbigay |
| masayahin | masunurin | matipid |

1. Kapag walang gumagamit, pinapatay ni Rina ang ilaw.
2. Natutuwa si Virgie na magbigay ng tulong sa mga kaklase niyang nangangailangan.
3. “Tumigil ka nga! Kanina ka pa sinasaway,” ang sabi ng nanay kay Andy.
4. Sinusunod ng dalawang bata ang mga napagkasunduang patakaran sa silid-aralan.
5. Si Myrna ay laging handa sa klase at aktibo sa talakayan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

1. a. Siya ay matalinong bata.
   b. Siya'y matalinong bata.

2. a. Tayo ay magsikap sa lahat ng gawain.
   b. Tayo'y magsikap sa lahat ng gawain.

3. a. Halika at mag-aral na muna tayo bago maglaro.
   b. Halika't mag-aral na muna tayo bago maglaro.

4. a. Ang kusina at palikuran ay dapat laging malinis.
   b. Ang kusina't palikuran ay dapat laging malinis.



## Sagutin Natin

- Ano ang napansin ninyo sa mga may salungguhit na salita?
- Ano ang nangyari sa mga salita na may salungguhit sa ikalawang pangungusap?
- Paano pinaikli ang mga salita?
- Anong bantas ang ginamit?
- Ano ang isinasagisag ng bantas na ito?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

A. Isulat sa pinaikling anyo.

1. baka at kambing
2. pako at martilyo
3. buwaya at ahas
4. tao at alagang hayop
5. salita at kilos

B. Isulat ang mga may salungguhit sa pinaikling anyo.

1. Tayo ay matiyaga sa pag-aaral.
2. Siya ay masunurin sa magulang at guro.
3. Kami ay sasama sa iskawting at sa mga gawain pampaaralan.
4. Ako ay batang malusog kaya matalino.
5. Sila ay marurunong ngunit mapag-pakumbaba.



## Sanayin Natin

A. Isulat ang pinaikling anyo sa sagutang papel.

1. lalaki at babae
2. paruparo at bulaklak
3. kumakanta at sumasayaw
4. sipa at yoyo
5. bumasa at sumulat

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Isulat sa sagutang papel ang pinaikling anyo ng mga salitang maaaring pagsamahin.

1. Sila ay pupunta sa parke.
2. Ang guro nila ay mapagmahal.
3. Nakabubuti sa kalusugan ang mangga at pinya.
4. Dapat nating panatilihin ang mabuting asal.
5. Ang pagiging mapagpakumbaba at masipag ay kahanga-hangang mga katangian.

C. Piliin kung ay o at ang nararapat sa bawat patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang haluhalo__ **cake** ay matamis.
2. Kayo ba__ may malaking pamilya?
3. Ang tamang ehersisyo__ pagkain ay kailangan ng ating katawan.
4. Ako__ si Aldrin ay magkaibigan.
5. Sila__ mamamasyal sa Luneta.




Ang **at** at **ay** ay mga salitang ginagamit sa pagsasama ng dalawang salita sa parirala o pangungusap.

Ang kudlit (**’**) ay ipinapalit sa nawawalang letrang a sa salita.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Basahin ang talata. Isulat sa sagutang papel ang pinaikling anyo ng mga salitang may salungguhit.

### Ang Mabait na Batang si Crisanto



Si Crisanto ay nasa ikalawang baitang pa lamang sa Paaralang Elementarya ng Lerma.

Isang araw, sa kaniyang pag-uwi, nakakita siya ng batang pulubi at kapatid nito na mas bata pa sa kaniya na nais tumawid. “Tulungan natin sila, Nanay,” pakiusap ni Crisanto sa ina.

“Halikayo at sasamahan namin kayong tumawid,” sabi niya sa pulubi at sa kapatid nito.

Awang-awa siya nang malamang hindi pa kumakain ang dalawa. Dinala ni Crisanto at ng nanay niya ang magkapatid sa isang karinderya. Umorder sila ng tokwa at lugaw at ipinakain sa mga bata. Natuwa ang magkapatid at nagpasalamat sila sa mag-ina.

“Napakabuti po ninyo. Salamat po,” ang sabi ng mga bata.

Matamis na ngiti ang isinukli ng mag-ina.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

### Ang Bago Kong Kaibigan




Isang bloke lang ang layo ng bahay nina Tina kay Mirma, ang kaniyang kaklase.

Abot tanaw ang bahay nila sa isa't isa. Nagpalit lang ng blusa si Tina at agad nagpaalam siya sa kaniyang nanay para pumunta sa bahay ng kaklase.

Ilang saglit lang ay narating na niya ang bahay ni Mirma. Kumatok siya sa pinto ngunit walang sumasagot. Naghintay siya ng ilang sandali at nakita niyang paparating si Mirma na may dalang pinamiling gatas kasama ang maliit niyang kapatid.

"Ay ikaw pala," wika ni Mirma na tila blangko ang isip.



"Pinapunta ako ni **Ma'am**. Alamin ko raw kung bakit hindi ka nakapasok kanina," sabi ni Tina.

"Wala kasing magbabantay sa kapatid ko. Pakisabi papasok na ako sa Lunes," tugon ni Mirma.

"Sige, ito nga pala ang aklat mo. Nakita ko ito sa ilalim ng silya mo," sabi ni Tina sabay abot kay Mirma.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

“Naku, salamat. Hinahanap ko ito kahapon pa. Salamat din sa pagdalaw mo.”

“Naku para iyon lang,” sagot ni Tina. “Mula ngayon ay may bago ka ng kaibigan,” paniniguro ni Tina.

“Totoo, ha? Sige, ngayon magkaibigan na tayo,” nakangiting sabi ni Mirma.



## Sagutin Natin

- Sino ang bagong magkaibigan sa kuwento?
- Bakit nagpunta si Tina sa bahay nina Mirma?
- Bakit hindi nakapasok sa paaralan si Mirma?
- Anong mabubuting katangian mayroon si Tina? Si Mirma?
- Sino sa kanila ang nais mong tularan? Bakit?
- Paano mo siya tutularan?



## Pahalagahan Natin

Ang pagmamalasakit sa isa’t isa ay simula ng pagkakaibigan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Basahin nang wasto.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. plato | plano | blusa | bilog |
| 2. krusada | bloke | bala | bilang |
| 3. blangko | butiki | botika | binili |
| 4. tabla | bula | bilin | baitang |
| 5. hibla | basa | baso | Blanco |




## Sanayin Natin

A. Basahin ang mga salita sa loob ng kahon. Basahin nang dalawang beses ang mga salitang may kambal katinig na **bl-**.

| | | | |
|---|---|---|---|
| abaniko | balato | balkonahe | basura |
| bibliya | bilihan | binasa | binato |
| binatog | blangko | bloke | blusa |
| busina | buwan | kahol | kandila |

B. Tukuyin ang pangalan ng mga nakalarawan.

1.  __________ ng yelo

2.  itim na __________

3.  __________ng papel (walang sulat)

DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

C. Mag-isip at magbigay ng limang salita na may kambal-katinig na bl.



## Tandaan Natin

Ang kambal-katinig ay maaaring matagpuan sa unahan o gitna ng salita.



## Linangin Natin

Piliin mula sa kahon ang angkop na salita na kukumpleto sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| blangko | Blas | bloke |
| blusa | planeta | plawta |

1. Ang _____________ ng yelo ay natutunaw.
2. Halos ____________ ang sagot ni Mark sa pagsusulit dahil hindi siya nakapag-aral.
3. Gustong-gusto niyang isuot ang puting _____________.
4. Si Blessy ay marunong tumugtog ng _____________.
5. Ang araw ba ay isang _____________?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

1. Isang bluke lang ang layo ng kanilang bahay.
2. Nagpalit lang ng bulsa si Mirma at agad pumunta sa kaklase.
3. Tila blanggo ang isip ni Mirma nang makita ni Tina.
4. “Naku salamat, hinahanep ko ito.”



## Sagutin Natin

- Ano ang napansin mo sa bawat pangungusap?
- Ano-ano ang salita na may maling baybay?
- Ano ang tamang baybay ng mga salitang ito?



## Gawin Natin

Basahin ang grupo ng salita. Tukuyin ang salitang may tamang baybay.

| | | |
|---|---|---|
| 1. numero | nomiro | numeru |
| 2. blake | bloke | bluki |
| 3. kumatuk | komatok | kumatok |
| 4. pinuntahan | penontahan | pintahan |
| 5. magkabegan | magkaebigan | magkaibigan |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

A. Basahin at isulat nang may wastong baybay ang mga salita.


1. blosa
2. butike
3. malongkut
4. boghaw
5. mabote


B. Tukuyin ang salitang may maling baybay. Isulat ito nang wasto.


1. Ang kalase niya ay masipag mag-aral.
2. Ang ulap ay maitim, tanda na oolan.
3. Umiiyak ang koteng na hinahanap ang inang pusa.
4. Ang langet ay asul kapag maaliwalas ang panahon.
5. Ang kochi ay bagong-bago pa.


C. Isulat nang wasto ang ngalan ng nasa larawan.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Sa pagbaybay ng mga salita, laging isaisip ang mga tunog ng mga letra na bumubuo nito.

## Linangin Natin


Piliin sa pangungusap ang mga salitang may maling baybay. Isulat ito nang wasto sa sagutang papel.

1. Ang kabayu ay mabilis tumakbo.
2. Ang gumamila ay walang bango.
3. Malakas ang hangen sa labas.
4. Blanggo ang papel ng kaniyang pagsusulit.
5. Nahuhogas ng kamay si Ma'am.

## Sulatin Natin


Isulat ang ngalan ng nasa larawan sa paraang kabit-kabit. Sundan ang modelo na nasa ibaba.

/bl/



blusa





DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 2 : Paalala Ko Sundin Mo




Isulat sa sulatang papel ang salitang kilos sa bawat pangungusap.

1. Nakakita si Lito ng karatula.
2. Ano kaya ang nakasulat?
3. "Naku!" Ang kaniyang reaksyon sa sinabi.
4. Bawal umihi dito.
5. Pakiusap, sumunod sana ang lahat.




### Ang Paalala kay Arnel




Nagmamadali si Arnel. Tinanghali siya ng gising. Baka mapagalitan siya ni Bb. Ruiz. Alalang-alala siya.

Halos patakbo niyang narating ang paaralan kahit na siya'y muntik nang makagat ng aso dahil hindi niya napansin ang paalalang "Mag-ingat sa aso."

Nang makarating siya sa paaralan, agad siyang napahinto nang makitang itinataas pa ang watawat at umaawit ng Lupang Hinirang ang mga mag-aaral. Bigla niyang naalala ang kaniyang leksiyon sa

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Araling Panlipunan kaya't tumayo siya nang tuwid at inilagay niya ang kaniyang kanang kamay sa tapat ng kaniyang dibdib at nakisabay sa pag-awit.

Nang matapos ang **flag ceremony**, tinungo ni Arnel ang kanilang silid-aralan, habang naglalakad nakita niya ang kaniyang kaklase na si Lito na nagtapon ng balat ng kendi sa sahig kaya't nilapitan niya ito at sinabing, "Lito, hindi mo ba nakikita ang mga babala?"

Tumingin sa paligid si Lito at nakita niya ang mga babala.

| Bawal magtapon ng basura dito. |
| --- |

| Itapon ang basura sa tamang lalagyan. |
| --- |

Napahiya si Lito kaya't dali-dali niyang pinulot ang balat ng kendi at agad itong itinapon sa basurahan. "Arnel, labis akong nahihiya sa aking ginawa. Salamat at pinaalalahanan mo ako. Ipinapangako ko na susundin ko na ang mga babala," wika ni Lito.

"Walang anuman," tugon ni Arnel.

At masayang tinungo ng magkaklase ang kanilang silid-aralan nang may ngiti sa labi.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sagutin Natin

- Bakit nagmamadali si Arnel?
- Sino ang magkaklase sa kuwento?
- Ano ang ginawa ni Arnel nang maalala niya ang leksiyon sa Araling Panlipunan?
- Bakit nilapitan ni Arnel si Lito?
- Kung ikaw si Arnel, ganoon din ba ang gagawin mo? Ipaliwanag ang sagot.
- Ano ang mensahe ng kuwento?

## Pahalagahan Natin

Nakasanayan mo ba ang mga ito? Lagyan ng tsek (✓) kung Oo, Minsan, o Hindi.

| | Hindi | Minsan | Oo |
|---|---|---|---|
| 1. Binabasa ko ang mga babala sa plasa. | | | |
| 2. Namimitas ako ng bulaklak sa plasa kung ibig ko. | | | |
| 3. Itinatapon ko ang balat ng kendi sa basurahan. | | | |
| 4. Sinusulatan ko ng aking pangalan ang mga pader sa plasa. | | | |
| 5. Nag-iingat ako sa pagtawid tuwing papasok sa paaralan. | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




A. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng karatula.

| |
|---|
| Mga babala at paalala ay dapat sundin sapagkat dala nito'y kaligtasan natin. |

B. Sabihin kung ang sumusunod na pahayag ay paalala o babala.
1. Bawal magtinda dito!
2. Mag-ingat sa inyong pagtawid!
3. Dapat tayong maligo araw-araw.
4. Bawal ang maingay .
5. Maglakad nang marahan.

C. Sabihin ang mensaheng nais ipabatid ng mga babala at paalala.
1. Pumila nang maayos!
2. Bawal umihi rito!
3. Tumawid sa tamang tawiran.
4. Huwag magtulakan
5. Bawal manigarilyo rito!

DEPED COPY




Ang **babala** ay pahayag na nagpapaalala na mag-ingat.


Ang **paalala** ay nagbibigay ng panuto o direksyon ng gagawin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Basahin ang kuwento.



"Akin na iyan!" ang narinig ni Aling Cora mula sa kuwarto ng kaniyang mga anak na sina Fe at Amy. Agad niya itong pinuntahan.

"Ano ang inyong pinagtatalunan?" tanong ng ina sa magkapatid.

"Kasi po inaagaw ni Ate itong sapatos na padala ni Tiya Belen na galing Amerika," wika ni Fe.

"Amy, binilhan na kita ng bagong sapatos mo, hindi ba?" tugon ni Aling Cora.

"Opo inay, pero gusto ko rin ng sapatos na **imported** tulad ng kay Fe," ang nakasimangot na sagot ni Amy.

Nilapitan ito ng ina at pinagsabihan, "Anak, hindi mo ba alam na mas makatutulong tayo sa sarili nating bansa kung gagamitin natin ang mga bagay na yari rito at gawa ng mga Pilipino."

Biglang naalala ni Amy ang sinabi ng kaniyang guro na si Bb. Balaran. Bilang Pilipino ay dapat daw tangkilikin ang sariling atin sa pagbili ng mga produktong Pinoy.

Kaya sinabi ni Amy sa kaniyang ina, "Tama ka, Inay. Nagkamali ako."

Humingi rin ng paumanhin si Amy sa kaniyang kapatid at muli silang nagkasundo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang pagtangkilik ng mga produktong sariling atin ay makatutulong sa pag-unlad ng bansa.



## Gawin Natin

Ayusin sa wastong pagkakasunod-sunod ang mga larawan. Isulat ang tamang bilang.




A ____ B ____ C ____ D ____



## Sanayin Natin

Lagyan ng bilang mula 1-6 ang mga larawan ayon sa tamang pagkakasunod-sunod nito.






DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




_____ Handa na si Roy upang pumasok sa paaralan.
_____ Pagkatapos kumain ay naligo na siya.
_____ Inayos niya ang kaniyang higaan.
_____ Nang magutom ay kumain na siya ng almusal.
_____ Nagsuot na siya ng kaniyang uniporme.
_____ Bumangon si Roy sa kaniyang higaan.



## Linangin Natin

Basahin ang kuwento.


Napansin ni Perla na naglilinis ang buong barangay kaya't naisipan niyang sumali at tumulong. Kinuha niya ang walis at pandakot at nagsimulang maglinis. Inipon niya ang mga basura at inihiwalay ang mga nabubulok sa hindi nabubulok. Naging masaya siya sa resulta ng kaniyang ginawa.

Isaayos ang mga larawan batay sa kuwentong binasa. Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


A


B


C


D



## Gawin Natin

Isulat sa sagutang papel ang pandiwang pangnagdaan na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Maagang nagising si Arnel.
2. Napahinto siya nang makitang itinataas ang watawat.
3. Nagtapon ng basura si Lito.
4. Habang naglalakad si Ana, nakita niya ang kaniyang nanay.
5. Masayang tinungo ng magkaklase ang kanilang silid-aralan.



## Sanayin Natin

A. Piliin ang pandiwang pangnagdaan.

| | |
|---|---|
| 1. umaawit | 6. ginupit |
| 2. nagmamadali | 7. sasayaw |
| 3. naglinis | 8. umalis |
| 4. naglalakad | 9. gumapang |
| 5. kinuha | 10. sasama |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Isulat sa sagutang papel ang pandiwang pangnagdaan sa bawat hanay.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | nagsaya | masaya | magsasaya |
| 2. | tatawag | tinawag | tinatawag |
| 3. | nagbibigay | magbibigay | nagbigay |
| 4. | aalis | umalis | umaalis |
| 5. | matulog | natutulog | natulog |



## Tandaan Natin

Ang **pandiwa** ay nagsasaad ng kilos o galaw sa loob ng pangungusap. Ang mga salitang kilos na naganap o tapos na ay nasa **aspektong pangnagdaan**.



## Linangin Natin

Piliin ang wastong pandiwa na angkop sa pangungusap.

1. (Binibili, Binili) ko sa Marikina ang aking sapatos noong Sabado.
2. Marami akong (ginawa, gagawin) kanina.
3. Si Paulo ay (pinagsabihan, pinagsasabihan) ng kaniyang ama noong isang araw.
4. (Pupunta, Pumunta) ako sa Makati kahapon.
5. (Umulan, Umuulan) kagabi.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

### Batang Bayani

Dukha siyang tinawag ng lahat
Talino'y subok at totoong matapat
Sa ati'y tumulong kahit anong hirap
'Yan ang batang isang papuri'y nararapat
Ating kilalanin bigyan ng palakpak
Papuri't alay ay mabangong bulaklak
Nararapat sa puso niyang busilak
Buhay inilaan kahit mapahamak.



## Sagutin Natin

- Tungkol saan ang tula?
- Anong mensahe ang hatid sa atin ng tula?
- Bakit dapat papurihan ang bata?
- Bakit dapat siyang alayan ng bulaklak?
- Ibigay ang mga salitang may salungguhit. Sabihin kung anong aspekto ng pandiwa ang ginamit.



## Pahalagahan Natin

Ang pagtulong sa kapwa ay gawaing tama.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin


Gamitin ang sumusunod sa sariling pangungusap.


inilaan    tawagin    tumulong





## Sanayin Natin


Gamit ang pandiwa, gumawa ng mga pangungusap tungkol sa mga larawan.

a


b


c


d


e




## Tandaan Natin

**Payak ang pangungusap** kapag ito ay may isang diwa lamang. Ang gumaganap ng kilos ay maaaring pangngalan o panghalip.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Linangin Natin

Gamitin sa payak na pangungusap ang sumusunod na pandiwa.

1. lumipad
2. kumain
3. gumapang
4. lumiban
5. humiga




## Sulatin Natin

Sumulat ng isang pangungusap tungkol sa larawan. Isulat ito sa paraang kabit-kabit.



Gumawa ng sulat si Ana.



DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 3: Lugar na Kinagisnan, Halina't Pasyalan




Isulat ang **Tama** o **Mali** sa sagutang papel.

1. Sa pagpapahayag ng impormasyon, dapat ito ay makatotohanan.
2. Kapag nagdaragdag, nagbabawas, o nagpapalit ng isang tunog sa salita, nanatili pa rin ang kahulugan nito.
3. Sa unahan ng salita lamang puwedeng magdagdag, magbawas, o magpalit ng isang tunog upang makabuo ng bagong salita.
4. Ang pandiwa sa aspektong pangkasalukuyan ay nagpapahayag ng kilos na nangyayari sa kasalukuyan.
5. Ang <u>nagtinda</u> ay pandiwa sa aspektong pangkasalukuyan.




**Kakaiba ang Camiguin**

Isa sa paboritong puntahan ng mag-anak ni Mang Amado ay ang Camiguin, ang lalawigan kung saan siya ipinanganak.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Ang Camiguin ay isa sa magagandang lugar sa Pilipinas. Pagsasaka at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao rito. Ipinagmamalaki nila ang kanilang lansones, sinasabing pinakamatamis sa buong bansa.

Maraming magagandang tanawin sa Camiguin. Isa na rito ang Bundok Hibok-hibok kung saan tumutubo sa dalisdis nito ang pagkatamis-tamis na lansones. Dito rin makikita ang Talon ng Katibawasan, Bukal ng Ardent, at Bukal ng Sto. Niňo.

Tuwing Oktubre pumupunta ang mag-anak dahil ito ang buwan kung kailan ipinagdiriwang ang Pista ng Lansones. Dinarayo rin ito ng mga turista. Kumpol-kumpol na lansones ang isinasabit sa mga bintana, pinto, at poste ng mga bahay. Makikita rin sa parada ang napakaraming lansones.

Kakaiba talaga ang Camiguin.



**Sagutin Natin**

- Sino ang  mag-anak na laging nagbabakasyon?
- Saan sila nagbabakasyon?
- Ano-anong magagandang lugar ang makikita sa Camiguin?
- Magbigay ng ilang impormasyon tungkol sa lugar ng Camiguin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Pumalakpak kung nagpapakita ng pagmamalaki sa kagandahan ng isang lugar sa Pilipinas at pumadyak naman kung hindi.

1. Ibabalita ko sa aking kaibigang nasa ibang bansa ang kagandahan ng Pilipinas.
2. Itatago ko ang mga kuhang larawan ng mga napuntahan kong lugar.
3. Ipapasyal ko ang pinsan ko sa isang kilalang talon sa ating bansa.



## Gawin Natin

Ibigay ang impormasyong hinihiling buhat sa tekstong binasa.

1. Ano ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Camiguin?
2. Sa anong prutas kilala ang Camiguin?
3. Paano ipinagdiriwang ang Pista ng Lansones?

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Punan ng tamang impormasyon ayon sa tekstong napakinggan.

Magagandang Lugar sa Camiguin






Tandaan natin ang sumusunod upang maipahayag natin nang maayos ang nabasa o napakinggang mga impormasyon.

1. Unawain ang binabasa o pinakikinggan sa pagtukoy sa paksa nito.
2. Maging makatotohanan. Huwag dagdagan o bawasan ang mga nabasa o napakinggan.
3. Isama lang ang mahahalagang impormasyon.
4. Gumamit ng payak na pangungusap.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Magbigay ng tatlong impormasyon buhat sa mababasang teksto.


## Pambansang Bulaklak

Sampaguita ang pambansang bulaklak ng Pilipinas. Puti ang kulay nito. Mabango ang sampaguita. Tinutuhog ito para maging kuwintas. Inaalay din ito sa altar at isinasabit sa leeg ng pararangalan.

DEPED COPY




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| taon | buong | saan | tao | rito |
| nila | bukal | talon | tuwing | pinto |
| poste | bahay | baha | kaya | para |




Pag-aralan ang tsart.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| tao | taon |
| bahay | baha |
| nila | sila |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ibigay ang mga salitang nasa Hanay A.
- Anong pagbabago ang napansin ninyo sa mga salita sa Hanay B?
- Ano ang nangyari sa salitang tao sa Hanay B? Ano ang nangyari sa salitang bahay?
- Ano ang nangyari sa salitang nila sa Hanay B?
- Paano nabago ang mga salita?



## Pahalagahan Natin

Sikaping suriin ang mga salita upang makita ang pagkakaiba-iba nito.



## Gawin Natin

Dagdagan ang sumusunod na salita ng isang tunog upang makabuo ng bagong salita.

1. ipon
2. upa
3. tula
4. suka
5. asa



## Sanayin Natin

Bumuo ng bagong salita ayon sa panuto.

Unang Pangkat – Dagdagan ng isang tunog ang mga salita upang makabuo ng bagong salita.

1. ___ama
2. ___ulo
3. ___aya
4. ___uka
5. ___ata

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawang Pangkat – Bawasan ng isang tunog ang mga salita upang makabuo ng bagong salita.

1. talaba
2. sama
3. sulat
4. halika
5. tapa

Ikatlong Pangkat – Palitan ang isang tunog ng bawat salita upang makabuo ng bagong salita.

1. wala
2. bola
3. gawa
4. baso
5. sanga




> Ang mga salita ay maaaring dagdagan, bawasan, o palitan ng isang tunog sa unahan, gitna, o hulihan upang makabuo ng bagong salita.




Bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdaragdag, pagbabawas, o pagpapalit ng isang tunog sa mga salitang nasa ibaba.

1. belo
2. ama
3. bata
4. toyo
5. tagos

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Si Nanay at si Aling Doray



Sa Bayan ng San Roque, karamihan sa mga kababaihan ay may sunong na bilao sa ulo tulad ni Aling Doray. Araw-araw ay naririnig ang malakas na tinig ni Aling Doray, "Suki, bili na ng gulay, ayungin, tulya, hipon!"

Suki si Nanay ni Aling Doray. Dito siya <u>bumibili</u> ng lulutuing ulam. Dahil sa tagal ng kanilang pagiging magsuki, naging matalik na silang magkaibigan. May pagkakataong walang perang pambili si Nanay pero pilit pa ring <u>iniiwan</u> ni Aling Doray ang mga paninda. Walang dalang talaan si Aling Doray. <u>Inililista</u> niya ito sa pader na nadadaanan ng tubig tuwing umuulan. Madalas <u>binibiro</u> ni Nanay si Aling Doray, "Kapag nabura ng tubig ulan ang lista mo, mabubura na rin ang utang ko, ha!" Kasunod noon ay halakhakan sabay sabi ng, "Bahala ka na! Alam ko naman yan."

Minsan, may pagpupulong sa barangay. Ito ay tungkol sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Unang pinatawag ng Punong Barangay ang mga tindera kung ano ang maaari nilang magawa upang hindi masyadong mahirapan ang mga mamimili. Nagbigay ng kaniyang opinyon si Aling Doray na dapat ay kung ano ang tamang presyo ay iyon



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

lamang ang itatakda ng isang tindera. Nagustuhan ng nakakarami ang kaniyang sinabi.

Masayang umuwi si Aling Doray mula sa pagpupulong.




- Ano ang karaniwang ginagawa ng kababaihan sa San Roque?
- Anong uri ng samahan mayroon sina Aling Doray at Nanay?
- Anong katangian ang ipinakita ni Aling Doray? ng nanay?
- Kung ikaw si Aling Doray, magtitiwala ka ba sa isang kaibigan? Bakit?
- Ano-anong salita sa kuwento ang may salungguhit?
- Kailan ginawa ang kilos ng mga salitang ito?
- Ano ang tawag sa salitang kilos na ngayon o sa kasalukuyan ginagawa?




Iguhit sa papel ang ♡ kung nagpapakita ng tiwala at pagpapahalaga sa kaibigan at ◇ kung hindi.

1. Ipagsabi sa iba ang sikreto ng kaibigan.
2. Damayan at tulungan ang kaibigan sa kaniyang mga problema.
3. Awayin ang kaibigan kung may pagkakamaling ginagawa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Piliin sa pangungusap ang pandiwang nasa aspektong pangkasalukuyan.

1. Araw-araw bumibili si Nanay kay Aling Doray ng iba't ibang gulay at isda.
2. Ibinibigay ni Aling Doray ang nais ni nanay na isda at gulay kahit wala pa siyang pambayad.
3. Madalas binibiro ni Nanay si Aling Doray.
4. Inililista ni Aling Doray sa papel ang utang ni Nanay.
5. Niluluto ni Nanay ang paborito naming ulam.



## Sanayin Natin

Hanapin sa kahon ang tamang pandiwa upang mabuo ang pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| namimili | kumakahol | naglalaro |
| naghuhugas | naglalakad | naglalaba |

1. Si Tagpi ay __________ sa mga taong hindi niya kilala.
2. Masayang _________ si Bunso sa kaniyang kuna.
3. ___________ ako ng kamay bago kumain.
4. Si Nanay ay __________ sa palengke araw-araw.
5. Sina Entoy at Eboy ay _________ sa pagpasok sa paaralan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang pandiwa sa **aspektong pangkasalukuyan** ay nagpapahayag ng kilos na nangyayari sa kasalukuyan. Ginagamit ang mga panlaping nag-, nang-, at um- na sinusundan ng pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat.



## Linangin Natin

Punan ng angkop na pandiwa ang mga pangungusap.

1. Si Aling Caridad ay maagang _____ ng sariwang gulay at prutas sa palengke.
2. Si  Kuya Mario ay __________ ng halaman araw-araw.
3. Si Lito ay __________ ng basketbol tuwing hapon.
4. Maagang __________ si Angela tuwing umaga.
5. Si Bunso ay __________ tuwing nagugutom.



## Basahin Natin

Muling basahin ang kuwentong “Si Nanay at si Aling Doray.”

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano ang paksa ng binasang kuwento?
- Paano natin nalalaman ang paksa ng isang kuwento?
- Saan maaaring matagpuan ang paksa ng kuwento?



## Pahalagahan Natin

Hanapin sa loob ng kahon ang mga katangiang dapat taglayin ng isang kaibigan.

| | | |
|---|---|---|
| mainggitin | mapagbigay | selosa |
| masayahin | matulungin | maunawain |
| mayabang | mapagkakatiwalaan | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Gawin Natin

Piliin ang paksa.

1. Sa Bayan ng San Roque, karamihan sa kababaihan ay may sunong na bilao sa ulo tulad ni Aling Doray. Araw-araw ay naririnig ang malakas na tinig nila.
   a. Maraming bilaong ginamit sa San Roque.
   b. Malakas ang boses ng kababaihan sa San Roque.
   c. Maraming tinderang kababaihan sa Bayan ng San Roque.

2. Dahil sa tagal ng pagiging magsuki, ibinibigay ni Aling Doray ang kaniyang paninda kahit walang pambayad si Nanay.
   a. Bawal umutang kay Aling Doray.
   b. Magsuki sina Aling Doray at Nanay.
   c. May tiwala si Aling Doray kay Nanay.

3. Minsan pinatawag ng Punong Barangay ang mga tindera kung ano ang maaari nilang magawa upang hindi masyadong mahirapan ang mga mamimili.
   a. May gulong nangyari sa mga tindera.
   b. May reklamo ang mga mamamayan sa Punong Barangay.
   c. May pagpapahalaga ang Punong Barangay sa kaniyang nasasakupan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Ibigay ang paksa ng sumusunod na talata.

1. Sadyang likas na matulungin ang mga Pilipino. Tuwing may nakikitang matandang tatawid sa kalsada, agad itong aalalayan. Kapag nilapitan siya ng pulubi na nakasahod ang kamay, agad siyang nag-aabot ng limos.
2. Ang aso ay tapat na kaibigan ng tao. Matiyaga itong nagbabantay ng mga bahay. Tinatahulan niya ang mga taong hindi niya kilala. Handa niyang ibigay ang kaniyang buhay sa pagliligtas sa kaniyang amo.

DEPED COPY



## Tandaan Natin

Ang **paksa** ang nagsasabi kung tungkol saan ang isang teksto. Maaari itong matagpuan sa unahan, gitna, o hulihan ng isang kuwento o teksto.



## Linangin Natin

Basahin at ibigay ang paksa ng maikling kuwento.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Si Mara ay isang mag-aaral sa ikalawang baitang. Likas sa kaniya ang pagiging masipag. Hindi na siya inuutusan pa sa kanilang tahanan. Kusa niyang ginagawa ang paglilinis at paghuhugas ng pinggan. Maging sa paaralan ay puring-puri siya ng kaniyang guro sa pagiging masipag sa pag-aaral at sa gampanin sa loob ng silid-aralan. Pangarap niyang maging guro balang araw upang makatulong sa mga batang Pilipino at sa pag-unlad ng bansa.



**Sulatin Natin**

Isulat ang sumusunod sa paraang kabit-kabit.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 4: Katangian Mo, Kalakasan Mo




A. Sabihin kung tama o mali ang sinasabi ng bawat pangungusap.

1. Ang mga salitang kilos na gagawin pa lamang ay tinatawag na pandiwang nasa aspektong panghinaharap.
2. Ang mga salitang bukas, mamaya, at sa isang buwan ay nagsasabi na ang kilos ay gagawin pa lamang.
3. Ang plato ay halimbawa ng kambal-katinig na pl.
4. Mag-ingat sa mandurukot. Ang salitang may salungguhit ay nasa aspektong panghinaharap ng pandiwa.
5. Hindi ka makabubuo ng payak na pangungusap sa isang binasang kuwento.

B. Piliin sa kuwento ang mga pandiwang panghinaharap.

DEPED COPY

### Paghahanda sa Bakasyon ni Cita

"Magbabakasyon daw sina pinsang Cita kasama ang kaniyang asawa. Nakausap ko siya kahapon," wika ni Celia.

"Ganoon ba? Sige, sasalubungin natin sila. Ano kaya ang pasalubong niya sa atin?" sabi ni Joseph.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

"Magdadala raw siya ng maraming tsokolate," dagdag ni Celia.

"Pagdating niya, pakakainin natin siya ng adobong manok at kare-kare," tuwang-tuwa na sabi ni Joseph.

"Ako naman, ipapasyal ko sila sa Boracay," pagyayabang ni Jonjon.

"Weeee! May pera ka ba?" pang-aasar ni Julius.

"Sasamahan ko lang sila. Siyempre sila ang magbabayad."

Nagtawanan silang lahat.

## Basahin Natin

### Si Ginoong John de la Cruz



Tunay na bayani kung maituturing si G. de la Cruz dahil sa kaniyang kahusayan sa pagtuturo. Siya ay isang larawan ng tunay na maipagmamalaking guro kung kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga mag-aaral at kapwa niya guro.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Isang araw, nagtaka ang lahat nang bigla itong magpaalam. Marami ang nalungkot at nanghinayang. "Kailan kaya tayo magkakaroon ulit ng gurong katulad niya?" wika ng isang mag-aaral.

Lumipas ang isang buwan, laking gulat nila nang makita nila si G. de la Cruz na nagtutulak ng kariton na may mga kasamang batang kalye. Sinundan nila ito at namangha nang makita nila ang maraming bata.

"Wow! Isa pala itong silid-aralan! Nagtuturo pala si G. de la Cruz ng mga batang kalye," wika ng mga bata.

Biglang napalingon si G. de la Cruz sa kanila at sila ay tinawag. Tinanong ng mga bata ang kanilang guro, "Sir, bakit po tinuturuan ninyo ang mga batang kalye?"

"Nang makita ko sila, naawa ako. Wala silang matututunan kung nasa kalye lamang sila. Kaya nandito ako ngayon para sila'y turuan," tugon ni G. de la Cruz.

"Pero bakit kailangan ninyo pa po sila sunduin?" tanong nila.

"Ipinapakita ko kasi na interesado ako sa kanila, pero yung maliit lang ang sinusundo ko. Iyong mga malalaki ay kusa nang pumupunta rito," paliwanag niya.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

“Bayani ka talaga, Sir!” wika ng mga bata. Napangiti siya at sinabi, “Kahit sino, puwedeng maging bayani. O, sige, mga bata may gagawin pa ako,” paalam niya.

“Ang galing talaga ni G. John de la Cruz, maipagmamalaki ko talaga siyang guro,” wika ng isang bata.



## Sagutin Natin

- Tungkol saan ang kuwento?
- Ilarawan si G. John de la Cruz bilang guro.
- Ano-ano ang magagandang katangian niya?
- Sino sa inyong mga guro ang tulad ni G. John de la Cruz na maipagmamalaki ng ating bansa?
- Paano mo ipakikita ang paggalang sa iyong guro?



## Pahalagahan Natin

Ang mga guro ay bayani ng ating bansa. Ang kanilang mga ginagawa ay batayan upang mahubog ang mga batang nasa paaralan.




## Gawin Natin

Ikuwentong muli nang maayos ang binasang kuwento gamit ang **graphic organizer**.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Sanayin Natin

Basahin ang kuwento at isalaysay muli gamit ang sariling pangungusap.

### Ang Kamay



Isang guro sa ikalawang baitang ang nagbigay ng isang gawain sa kaniyang mga mag-aaral.

Siya ay nagpaguhit sa kanila ng mga bagay na nais nilang ipagpasalamat.

Nang ipasa nila ang mga gawain, isa sa mga naiguhit ang nakaagaw pansin sa guro. Isa itong larawan ng kamay. Tinanong niya ang mga bata kung ano at kanino sa palagay nila ang nakaguhit na kamay. Maraming sagot ang kaniyang nakuha.

Oras ng rises habang kumakain ang mga bata ng kanilang baon, nilapitan at tinanong ng guro si Joel, ang batang gumuhit ng kamay.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

“Sa inyo po iyon, Ma’am. Kasi po lagi ninyo akong inaalalayan at hinuhugasan ang aking mga kamay. Napakabuti po ninyo sa akin. ”




Pakinggang mabuti ang binabasang teksto sa iyo upang maunawaan at maipahayag ito nang maayos at wasto.




Isulat ang tsek (✓) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng maayos na pagpapahayag at ekis (×) kung hindi.

1. Mahalagang makinig nang mabuti upang maipahayag nang maayos ang kuwento.
2. Lakasan ang boses sa pagkukuwento.
3. Hindi na kailangang makita sa mga kilos at ekspresiyon ng mukha ang damdaming sinasabi sa kuwento.
4. Upang higit na maintindihan ng makikinig ang kuwento, kailangang  bigkasin nang maayos ang mga salita.
5. Maaaring gawin ang pagpapahayag nang nakatalikod sa klase.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

“Bayani ka talaga, Sir!” wika ng mga bata. Napangiti siya at sinabing “Kahit sino, puwedeng maging bayani. O, sige, mga bata, may gagawain pa ako.”



## Sagutin Natin

- Ano ang turing ng mga bata kay G. John De la Cruz?
- Paano tinanggap ng guro ang papuri sa kaniya?
- Tungkol saan ang binasa mong pahayag? Paano mo nasabi?
- Ano ang angkop na diwa o kaisipan na nakapaloob sa binasa mo?
    - a. Puwedeng maging bayani ang sinuman.
    - b. Ilan lamang ang maaaring maging bayani.
    - c. Ang guro lang ang totoong bayani.



## Pahalagahan Natin

Ang pagtulong sa mga nangangailangan ay tanda ng isang pagiging bayani.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Gawin Natin

1. Ibigay ang diwa.

Lumipas ang isang buwan, laking gulat nila nang makita nila si G. de la Cruz na nagtutulak ng kariton na may mga kasamang batang kalye.

a. Nagtuturo pa rin si G. de la Cruz.
b. Nagtutulak ng kariton si G. de la Cruz
c. Nangangalakal si G. de la Cruz

2. Isulat ang pangalan ng mga nasa larawan.




## Sanayin Natin

Tukuyin ang diwa o kaisipan.

1. Lumipas ang isang buwan, laking gulat nila nang makita nila si G. de la Cruz na nagtutulak ng kariton na may mga kasamang batang kalye. Sinundan nila ito at nakita pa ang maraming bata.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

a. Naghihirap na si G. John De la Cruz.
b. Nangangalakal ng bote at diyaryo na si G. John De la Cruz.
c. Nagulat sila nang makita nila si G. de la Cruz na nagtutulak ng kariton na may mga kasamang batang kalye.

2. Marami ang nalungkot at nanghinayang. “Kailan kaya tayo ulit magkakaroon ng gurong katulad niya?”
   a. Masaya ang nakakikilala sa guro sa kaniyang pagbibitiw sa serbisyo.
   b. Ang guro ay walang tiyagang magturo.
   c. Mahirap mawalan ng guro na mahal niya ang kaniyang ginagawa.

Basahin nang malakas ang mga salitang nasa kahon na may tunog /pl/.

| | | | |
|---|---|---|---|
| palaka | palasyo | plais | plaka |
| planggana | planta | plasa | plato |
| plawta | plorera | pluma | Pluto |
| posporo | poso | preso | proseso |



**Tandaan Natin**

- Unawaing mabuti ang isang teksto upang maibigay ang kaisipan o diwa nito.
- Ang **pl** ay isang kambal-katinig.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

A. Ibigay ang diwa o kaisipan.

1. Si Jade <u>Planas</u> ay anak ng mag-asawang Ilokano na sina Darlin at Aldrin na nakatira ngayon sa Plaridel, Bulacan. Palagi siyang naglalakad sa pagpasok sa paaralan. Nagtitipid ng baon para makabili ng mahalagang gamit pampaaralan. Dumadaan siya sa plasa at laging tinitingnan ang kaniyang pinag-iipunan.
   a. Si Jade Planas ay anak ng mag-asawang Ilokano.
   b. Ang nakaugaliang gawin ni Jade Planas
   c. Matipid na bata si Jade Planas

2. Laging malinis at plantsado ang unipormeng suot niya. Inihahatid siya ng kaniyang tatay sa eskuwelahan. Lagi rin siyang may baon na masustansyang pagkain. Dahil sa nakikita niyang malasakit ng magulang niya, lalo siyang nagsikap sa pag-aaral at nanguna sa klase.
   a. Nag-aaral mabuti ang batang minamahal.
   b. Mahal ng magulang ang anak nila.
   c. Nag-aaral mabuti kahit walang nag-aalaga.

B. Isulat ang lahat ng salitang may kambal-katinig na <u>pl</u> sa binasang mga talata.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

1. Maiiyak ka kung maririnig mo ang malasakit niya sa mga bata.
2. "O paano, mauuna na muna ako sa inyo."
3. Magluto ka na at parating na sina Ate galing sa paliparan mamaya.
4. Kakain ako ng tsokolate kapag binuksan ang pasalubong nila bukas.



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang pandiwa sa unang tatlong pangungusap?
- Kailan ito ginawa? Paano mo nasabi?
- Paano ipinapakita ang isang pandiwang panghinaharap?

Suriin ang talaan.

| Salitang ugat | Panlapi | Unang pantig | Panghinaharap na aspekto ng pandiwa |
|---|---|---|---|
| iyak | ma | i | ma**i**iyak |
| una | ma | u | ma**uu**na |
| luto | mag | lu | mag**lulu**to |
| kain | | ka | **kaka**in |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang pagmamahal sa kapwa ay kabayanihan.



## Gawin Natin

A. Tukuyin ang pandiwang nasa pangungusap.

1. Manonood ako ng **cartoons** pagkatapos kong mag-aral.
2. Dapat tayong magpaalam sa ating mga magulang kapag aalis ng bahay.
3. Tutulungan mo ba ang magulang mo sa paghahanapbuhay?
4. Ang mag-anak ay kakain sa labas kasama ang balikbayang bisita.
5. Matutulog ako nang maaga upang hindi mahuli sa klase.

Ibigay at gamitin sa pangungusap sa aspektong panghinaharap ang sumusunod na salita:

tayo nood bayad sira hiram

DEPED COPY



## Sanayin Natin

A. Isulat ang pandiwa sa aspektong magaganap.

(magtanim)1. _______ kami ng gulay sa probinsiya sa susunod na buwan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

(masira) 2. _______ ang mga ngipin mo kapag hindi ka nagsipilyo.

(magdasal) 3. Mamayang gabi________ ka, ha?

(kumain) 4. ________ka naman ng gulay mamaya dahil puro karne ang kinain mo ngayon.

(umalis) 5. ______ ang mga kamag-anak namin sa Linggo.




Ang pandiwang gagawin o mangyayari pa lamang ay nasa **panahunan** o **aspektong panghinaharap**.

Nakakatulong sa pagkilala ng pandiwang nasa aspektong ito ang mga salitang pampanahon tulad ng bukas, mamaya, sa isang linggo, at sa darating na panahon.

Upang maging nasa pandiwang panghinaharap ang isang pandiwa, tinatanggal ang panlaping um- at inuulit ang unang pantig ng salitang ugat.

Ang pawatas na may panlaping ma-, mag-, at mang- ay mananatili sa ganoon ding ayos at inuulit ang unang pantig ng salitang ugat.




Gamitin ang pandiwang panghinaharap sa pagsagot sa sumusunod na sitwasyon.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ano ang gagawin mo kung…

1. marami kang takdang aralin?
2. magulo ang gamit sa kuwarto mo?
3. may paligsahan kang sasalihan sa susunod na linggo?
4. may kaarawan na gaganapin sa ibang lugar ngunit walang magbabantay sa bunso mong kapatid?
5. may ginawang mali sa iyo ang kamag-aral?



## Basahin Natin

1. Si G. John De La Cruz ay bayaning guro.
2. Siya ay mahusay na guro.
3. Tinuturuan niya ang mga batang kalye.



## Sagutin Natin

- Sino ang pinag-uusapan sa unang pangungusap?
- Ano ang sinasabi tungkol sa pinag-uusapan?
- Ano ang tawag sa kaniya bilang guro?
- Sino ang pinag-uusapan sa ikalawang pangungusap?
- Ano ang sinasabi sa pinag-uusapan?



## Pahalagahan Natin

Ugaliing tapusin agad ang mga ipinagagawa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

A. Isulat ang **Oo** kung payak na pangungusap at **Hindi** kung parirala.

1. ang mga batang kalye
2. Siya ay mapagmahal na guro.
3. Mabait si Ginoong de la Cruz.
4. ay nagsasakripisyo
5. Nagtuturo si G. de la Cruz sa mga batang kalye.

B. Ibigay ang angkop na salita upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Gamitin na gabay ang mga salita sa loob ng panaklong.

1. __________ ay isang bayani. (Sino)
2. Siya ay______________ ng ating bansa. (mararamdaman para sa kaniya)
3. Sila ay_____________. (naramdaman ng mga guro at mag-aaral ng umalis si G. de La Cruz.)
4. Tinutulungan niya ang _________. (Sino ang mga tinulungan niyang mga bata?)
5. Si Angelo ay _________ sa klase namin. (katangian niya)

DEPED COPY



## Sanayin Natin

A. Kumpletuhin ang mga pangungusap.

1. Si Marvin ay __________.
2. Si Nanay ay masarap __________.
3. Masustansya ang ____________.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. _______________ ay nag-aawitan sa palatuntunan.
5. ________________ ay humahanga sa ginawa mo.

B. Isulat ang tsek (✓) kung payak na pangungusap at ekis (✗) naman kung hindi.

1. ang mga puno at halaman
2. Ang pagputol ng puno ay nagdudulot ng baha.
3. nagbibigay ng sariwang hangin
4. Ang kagubatan natin ay dapat alagaan.
5. ang pagtitiis at pagtitiyaga




Ang **payak** na pangungusap ay may iisa at kumpletong diwa o kaisipan.




Sagutin gamit ang payak na pangungusap.

1. Ano ang pangalan mo?
2. Ano ang pangarap mo paglaki mo?
3. Saan nagtatrabaho ang mga magulang mo?
4. Ano ang una mong ginagawa pag-uwi mo sa bahay pagkagaling sa paaralan?
5. Kung nagalit sa iyo ang nanay mo dahil nagkamali ka, anong gagawin mo?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sulatin Natin

Tukuyin ang ngalan ng nasa larawan at isulat ito sa paraang kabit-kabit.



*baso*







All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 5: Halika, Mamasyal Tayo!




A. Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Si Gng. Gomez ay nagpunta sa Mindanao upang dalawin ang kaniyang nanay. Tuwang-tuwa ang nanay niya nang makita siya. May pasalubong siya na bestida sa kaniyang nanay.

1. Sino ang nagpunta sa Mindanao?
   a. si Gng. Gomez　　c. si Gng. Roque
   b. si Gng. Reyes　　d. si Gng. Ruiz
2. Bakit siya pumunta ng Mindanao?
   a. dumalaw sa nanay
   b. dumalaw sa tatay
   c. dumalaw sa kaibigan
   d. dumalaw sa kapatid
3. Ano ang dala niyang pasalubong?
   a. bag　　c. hikaw
   b. bestida　　d. sapatos

B. Piliin ang salitang naglalarawan sa bawat pangungusap.

1. Ang batang malusog ay kaibigan ko.
   a. ang　　c. kaibigan
   b. batang　　d. malusog
2. Ang Palawan ay maunlad na isla.
   a. ang　　c. maunlad
   b. isla　　d. Palawan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

### Masayang Bakasyon

Noong nakaraang bakasyon, ang magkapatid na Bella at Vico ay dinala ng kanilang ama sa isang maliit na baryo sa Bikol upang dalawin ang matanda nilang lola. Habang nasa biyahe ay masayang-masaya ang dalawang bata. Pinagmamasdan nila ang kanilang dinadaanang malalawak at sementadong kalye gayundin ang mga bukid na may tanim na matataas at iba't ibang uri ng punong<u>kahoy</u>.

Pagdating sa bahay ay agad silang humalik sa <u>kamay</u> ng lola. "Ang ganda po ng lugar ninyo, Lola!" ang sabi ni Bella.

"Ang mga nakikita ninyo ay bunga ng pagtutulungan ng mga tao rito sa aming baryo. Hindi sila nagpuputol ng mga punongkahoy. Ang batis at dagat ay pinangangalagaan at pinananatiling malinis," ang sagot ng lola.

Madaling nagustuhan ni Bella ang baryo ng kanilang Lola. Marami siyang naging kaibigan. Naglalaro sila sa malawak na bukid na maraming <u>punongkahoy</u> na hitik sa bunga. Naliligo sila sa malinaw na tubig ng batis. Sariwa at masarap ang <u>gulay</u> at mga isda.

"Maraming salamat po, Lola. Sana po ay makabalik ulit kami sa susunod na bakasyon," ang sabi ni Bella sa lola.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




- Sino ang mga pangunahing tauhan sa kuwento?
- Bakit sila nagpunta sa baryo?
- Ano-ano ang nakita nina Bella sa pagpunta sa baryo?
- Bakit nagustuhan ni Bella ang baryo ng kanilang lola?
- Ano-anong salita ang binilugan sa kuwento?
- Ano ang kahulugan nito?




Itapon ang basura sa tamang lalagyan upang mapanatiling malinis ang ating kapaligiran.




A. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?

1. Naliligo sila sa <u>malinaw</u> na tubig sa batis.
   a. malabo  c. malinis
   b. malamig  d. marumi
2. Naglalaro ang mga bata sa <u>malawak</u> na bukirin ni Lolo.
   a. mabaho  c. malayo
   b. malaki  d. tahimik

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Sumulat ng isa hanggang dalawang pangungusap tungkol sa pagbabakasyon mo sa bahay ng lola o lolo mo o kaya naman sa inyong probinsya.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Gumuhit ng isang magandang lugar na maaaring pagbakasyunan.

Ikalawang Pangkat – Pag-usapan at isakilos kung paano pangangalagaan ang inyong kapaligiran.

Ikatlong Pangkat – Pag-usapan ang isang karanasan tungkol sa sariling pagbabakasyon.

Ikaapat na Pangkat – Gumawa ng diyalogo tungkol sa magandang pook-bakasyunan.



## Tandaan Natin

Matutukoy natin ang kahulugan ng mga hindi pamilyar na salita sa pamamagitan ng gamit nito sa pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Makinig sa babasahin ng guro at sagutin ang sumusunod na tanong.

### Ang Lakbay-Aral

Sumama sina Fe at Josie sa lakbay-aral ng kanilang paaralan. Nagpunta sila sa Manila Zoo. Tuwang-tuwa ang mga bata sa nakita nilang mga hayop. Gayundin sa iba't ibang kulay ng mga ibon. Ang tataas ng mga **giraffe**! Ang lalaki ng mga elepante. Ang sasaya ng mga matsing na nagpapalipat-lipat sa mga puno.

Tuwang-tuwa nilang pinagmasdan ang mga hayop. Iniwasan din nilang magtapon o magkalat ng basura sa kapaligiran ng Manila Zoo.

1. Sino ang nagpunta sa Manila Zoo?
2. Ano-ano ang nakita nila?
3. Paano pinangalagaan nina Fe at Josie ang kapaligiran?
4. Bakit masarap mamasyal sa Manila Zoo?

## Basahin Natin

Basahing muli ang kuwentong "Masayang Bakasyon."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano-anong salita ang may salungguhit?
- Pantigin ang mga salita.
- Paano nagkakatulad ang mga salitang may salungguhit?



## Pahalagahan Natin

Ang pagpapanatili ng kalinisan sa ating kapaligiran ay tanda ng pagmamahal sa ating bansa.



## Gawin Natin

Basahin ang sumusunod.

| | |
|---|---|
| tuloy – tukoy | sabay – abay |
| buhay – bahay | kalaykay – tinapay |
| pamaypay – sinampay | |



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Magtala ng mga salitang may diptonggong - ay.

Ikalawang Pangkat – Magtala ng mga salitang may diptonggong - oy.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang **diptonggo** ay binubuo ng alinman sa mga patinig at ng letrang w o y sa loob ng isang pantig.


## Linangin Natin

Basahin ang pangungusap at sipiin ang mga salitang may diptonggo.

1. Ang kahoy ay mabigat.
2. Ang buhay ng tao ay mahiwaga.
3. Ang bahay ay maraming palamuti.
4. Ang tulay na kahoy sa bayan ay nasira.
5. Mabuhay ang Pilipinas!

## Basahin Natin

### Ang Rizal Park



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang Rizal Park o Luneta ay isang magandang pasyalan sa Pilipinas. Ito ay nasa Lungsod ng Maynila. Dito matatagpuan ang bantayog ni Dr. Jose Rizal, ang ating pambansang bayani. Ito ay nasa tabing-dagat kung saan makikita ang maganda at makulay na paglubog ng sikat ng araw.

Maraming tao ang namamasyal dito upang magpiknik. Nakalalanghap dito ng sariwang hangin dahil sa maraming halaman at malalagong punong kahoy na nakatanim sa buong parke.



## Sagutin Natin

- Sino ang ating pambansang bayani?
- Bakit dinarayo ang Rizal Park?
- Ilarawan ang Rizal Park.



## Pahalagahan Natin

Ang pangangalaga sa ating kapaligiran ay pangangalaga sa ating kalusugan.



## Gawin Natin

Ilagay sa tamang hanay ang mga salitang naglalarawan na nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| malalim | tatsulok | bilog |
| mataas | pula | matalino |
| maliit | dilaw | masikap |
| maliwanag | parihaba | mahaba |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Anyo | Laki | Kulay | Hugis |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Isulat ang mga salitang naglalarawan sa bawat pangungusap.

1. Bago ang aklat.
2. Mababaw ang tubig sa ilog.
3. Si Rosa ay magalang sa nakatatanda.
4. Matamis ang hinog na mangga.
5. Ang mesa ay parihaba.

Ikalawang Pangkat – Tukuyin ang salitang naglalarawan at ang inilalarawan nito.

1. Maigsi ang buntot ng aso.
2. Si Gng. Reyes ay matulungin.
3. Ang mga rosas ay mapupula.
4. Malawak ang Rizal Park.
5. Mapagmahal ang mga bata sa guro.

Ikatlong Pangkat – Ilarawan ang sumusunod.

papel    kabayo    aklat
kotse    halaman

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin


**Pang-uri** ang mga salitang naglalarawan sa anyo, laki, bilang, at hugis ng tao, bagay, hayop, o lugar.



## Linangin Natin

Tukuyin ang angkop na salitang naglalarawan sa bawat isa.


1. Ang yelo ay (malamig, mainit).



2. Ang bahay ay (matibay, sira).




3. Kadalasan, ang hinog na mangga ay (matamis, maasim).



4. (Malaki, Masikip) ang damit ni Dan.



5. (Malinis, Madumi) ang ating paligid.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

### Ang Pasko

Ang Pasko ay isang masayang pagdiriwang na hinihintay ng mga bata tuwing Disyembre.

Maaga pa lang ay isinusuot na ng mga bata ang bago nilang damit at sapatos. Nagpupunta sila sa simbahan upang makinig ng misa. Pagkatapos ay dumadalaw sila sa kanilang ninong, ninang, at mga kamag-anak upang humalik sa kamay.



## Sagutin Natin

- Kailan ipinagdiriwang ang Pasko?
- Ano-ano ang ginagawa ng mga bata kung araw ng Pasko?
- Ano-ano ang ginagawa mo kung araw ng Pasko?

## Pahalagahan Natin

Pahalagahan natin ang mga tradisyon ng ating bansa.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Gawin Natin


Itala ang mga gawain sa araw ng Pasko.

## Sanayin Natin

Isulat ang sariling karanasan sa pagdiriwang na nasa larawan.





## Tandaan Natin

Isang paraan upang maunawaan ang isang binabasa ay ang pag-uugnay nito sa sariling karanasan.

## Linangin Natin

Sumulat ng dalawa hanggang tatlong pangungusap tungkol sa regalong natanggap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 6: Produktong Gawa Natin, Ating Tangkilikin!




Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Ang mga mag-aaral ay masayang naglalaro sa paaralan habang ang guro ay nakabantay. Maya-maya ay biglang umiyak ang isang bata. Hawak-hawak niya ang kaniyang tuhod na nagdurugo.

1. Sino ang naglalaro sa paaralan?
    a. guro
    b. mag-aaral
    c. guwardiya
    d. magulang
2. Sino ang nakabantay sa kanila?
    a. guro  c. punong-guro
    b. nanay  d. tatay
3. Ano kaya ang nangyari sa bata?
    a. Inaway siya.
    b. Nadapa siya.
    c. Natalo siya.
    d. Sinipa siya ng kaklase.
4. Ilan ang batang nadapa?
    a. isa  c. tatlo
    b. dalawa  d. lima

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

5. Si Joseph ay ibinili ng nanay ng tatlong bagong **t-shirt**. Alin ang naglalarawan ng bilang sa pangungusap?
   a. Joseph
   b. nanay
   c. **t-shirt**
   d. tatlong
6. Marami akong laruan na nakatago sa bahay. Alin ang salitang nagsasaad ng bilang?
   a. laruan
   b. nakatago
   c. marami
   d. bahay
7. Alin sa mga pang-uri ang nagsasaad ng di-tiyak na bilang?
   a. wala
   b. tatlo
   c. lima
   d. marami
8. Piliin ang salitang may diptonggo.
   a. araw
   b. sayawan
   c. talon
   d. wala
9. Ang mamamayan ay nawalan ng bahay dahil sa malakas na bagyo. Ang nagpapahayag ng sanhi ay______.
   a. malakas na bagyo
   b. nawalan ng bahay
   c. ang mga mamamayan
   d. mamamayan ay nawalan
10. Alin sa mga pangungusap ang nagpapahayag ng sanhi at bunga?
   a. Umiiyak ang ale.
   b. Ang kaniyang bag
   c. Nawala ang bag niya sa
   d. Nawala ang kaniyang bag kaya umiiyak ang ale.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

### Ang Pamimili ni Aling Sonia



Malapit na ang araw ng Pasko. Abala si Aling Sonia sa pag-aayos ng kaniyang listahan ng mga bibilhin para sa mga anak. Kasama niya si Bing nang pumunta sa Divisoria. Bumili siya ng dalawang **t-shirt** at dalawang pantalon para sa mga anak na lalaki. Isang bestida naman para sa anak na babae at limang pares ng sapatos.

Pinagkakasya niyang mabuti ang kaniyang dalang pera. Pinipili niya ang mga gawa sa ating bansa dahil naniniwala siya na magaganda at matitibay ang mga ito.

Masayang umuwi si Aling Sonia. Nabili niyang lahat ang nasa listahan.

DEPED COPY

## Sagutin Natin

- Sino ang nagpunta sa Divisoria?
- Ano-ano ang pinamili ni Aling Sonia?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ano ang dahilan kung bakit nagbabadyet si Aling Sonia?
- Tama bang ibadyet ang pera? Bakit?
- Ano-ano ang pinamili ni Aling Sonia?
- Ano ang pamantayan niya sa pagpili niya ng kaniyang bibilhin?
- Tama ba ang ginawa niya?
- Paano mo siya tutularan?

## Pahalagahan Natin

Isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa ating bansa ay ang pagbili ng produktong gawa rito.

## Gawin Natin

Ibigay ang sariling hinuha .

Nagpunta ang mag-inang sina Aling Lita at Letty sa groseri. Punong-puno ng tao ang groseri dahil sa maraming namimili. Biglang nagulat ang mag-ina. May nakita silang tumatakbo habang ang matandang babae ay humihiyaw, “Ang pitaka ko!”

## Sanayin Natin

Ibigay ang sariling hinuha sa sumusunod na sitwasyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Unang Pangkat – Nakakita ng puno ng bayabas ang mga bata. Marami itong bunga. Dali-daling nag-akyatan ang mga bata. Tuwang-tuwa silang nanguha at kumain ng mga bayabas. Maya-maya ay bigla silang natakot at nagtakbuhan palayo.

Ikalawang Pangkat – Naglalaro ng basketbol ang mga anak ni Gng. Navarro. Pinatitigil sila ng kanilang kuya ngunit tuloy pa rin sila sa paglalaro. Bigla na lang silang natakot nang tamaan ng bola ang babasaging plorera sa sala.

Ikatlong Pangkat – Magkaibigang matalik sina Aida at Irene. Palagi silang magkasama sa pagpasok sa paaralan at sa paglalaro. Isang araw, dumating na umiiyak si Aida sa bahay nina Irene. Ibinalita nito na paalis na ang pamilya nila. Sa Davao na sila maninirahan.

Ikaapat na Pangkat – Isang araw, pupunta sa palengke si Dory. Inuutusan siya ng nanay na bumili ng mga kailangan sa bahay. Sa kaniyang paglalakad, nakita niya ang mga kaibigan na naglalaro. Tinawag nila si Dory at inanyayahang sumali sa laro.

DEPED COPY



## Tandaan Natin

Ang pagbibigay ng hinuha ay pagbibigay ng maaaring kalabasan ng isang pangyayari.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Basahin ang talata at isulat sa sagutang papel ang hinuha sa sitwasyon.

Ang mag-asawang Aling Elena at Mang Teddy ay nagpunta sa **mall**. Bumili sila ng dalawang laruan at sapatos para sa mga anak. Nang makauwi sa bahay, nakita nilang sapatos lamang ang laman ng kanilang bag.



## Basahin Natin

### Pagsalubong sa Bisita

Ang mga bata sa Ikalawang Baitang, Pangkat Atis ng Paaralang Elementarya ng Zambales ay naghahanda para sa pagdating ng mga bisitang sina Dr. Wainer at Gng. Smith, mga Amerikanong guro. Isang bata ang nasa malapit sa bintana. Mula rito ay matatanaw niya ang pagdating ng mga bisita. <u>Sisigaw</u> siya kapag padating na ang mga bisita.

Samantala, naghahanda naman ang kaniyang mga kamag-aral para sa katutubong <u>sayaw</u> na itinuro nina Gng. Roces at Bb. Luna. Ito ay inihanda nila upang maipakikita ang kultura ng mga Pilipino. Sinisiguro nila na makapagbibigay sila ng <u>aliw</u> sa mga bisita at maipapakita ang magagandang ugali ng Pilipino sa pagtanggap ng mga bisita.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Naging matagumpay ang kanilang paghahanda nang dumating at nagpasalamat ang kanilang mga bisita.



## Sagutin Natin

- Bakit naghahanda ang mga mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Zambales?
- Sino-sino ang darating nilang bisita?
- Ano ang inihanda nila para sa mga bisita?
- Ano ang mga salitang may salungguhit?
- Ano ang napansin mo sa mga salitang ito?



## Pahalagahan Natin

May iba't ibang pamamaraan sa maayos na pagtanggap ng mga panauhin.



## Gawin Natin

1. Basahin at kilalanin ang mga salitang may salungguhit sa kuwento.
2. Gamit ang mga pantig sa loob ng kahon, bumuo ng mga salitang may diptonggo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| i | naw | ngaw | ba |
| ta | law | siw | baw |
| la | kala | law | liw |
| si | sa | a | gaw |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Iguhit ang mga salita.

1. araw
2. sisiw
3. ilaw
4. langaw
5. bataw

Ikalawang Pangkat – Gamitin sa pangungusap.

1. bumitiw
2. humiyaw
3. magiliw
4. umayaw
5. saliw

Ikatlong Pangkat – Magbigay ng sampung halimbawa ng mga salitang may diptonggong --aw at -iw.



## Tandaan Natin

> Ang -aw at -iw ay mga diptonggo.



## Linangin Natin

Kumpletuhin ang mga pangungusap gamit ang salitang may diptonggo.

1. May ____aw ang mga parol ng mga bahay kung Pasko.
2. Ang sikat ng _____aw ay nagbibigay ng bitamina D.
3. Ang ________aw ang katulong ng magsasaka sa bukid.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Masarap ang ______aw kung ito ay bagong pitas.

5. Ang _____iw ay anak ng inahing manok.




Sulatin ang mga salitang dinaglat sa paraang kabit-kabit.

Ginang - Gng.
Doktor -
Binibini -




**Ang Kaarawan ni Kim**

Nagdaos ng ikapitong kaarawan si Kim. Marami siyang natanggap na regalo. Isang pares na sapatos at bag na gawa sa Marikina ang bigay ng kaniyang ama. May nagbigay sa kaniya ng tatlong manika, dalawang damit, at limang laruan. Ilan lamang ang hindi nakarating sa kaniyang mga kaibigan. Masayang-masaya si Kim. Nagpasalamat siya sa lahat.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano-anong salita ang naglalarawan ng bilang o dami?
- Alin ang naglalarawan ng tiyak na bilang?
- Ano ang inilalarawan ng bawat isa?



## Pahalagahan Natin

Dapat tayong magpasalamat sa mga biyayang tinatanggap natin mula sa Amang Lumikha.



## Gawin Natin

Pagsama-samahin ang mga salitang naglalarawan ng tiyak na bilang at ng hindi tiyak na bilang. Gamitin ito sa sariling pangungusap.

| |
|---|
| lima, apat, sampu, walo, ilan, bihira, marami, siyam, tatlumpu, isandaan |



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Umawit ng isang kantang may salitang naglalarawan ng bilang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawang Pangkat – Sumulat ng tugma gamit ang salitang naglalarawan ng di-tiyak na bilang.
Ikatlong Pangkat – Gumawa ng **rap** gamit ang salitang naglalarawan ng bilang o dami.



## Tandaan Natin

Ang mga salitang nagsasabi ng bilang o dami ay **pang-uring pamilang**. Ito ay maaaring magsabi ng tiyak at hindi tiyak na bilang o dami ng isang bagay, tao, o hayop.



## Linangin Natin

Tukuyin ang angkop na salitang naglalarawan sa bawat bilang.

1. Ang bata ay may (apat, anim) na lobo.



2. May (limang, tatlong) rosas sa mesa.



3. (Tatlo, Isa) ang bata sa silid-aralan.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Ang kapitbahay namin ay may (tatlong, isang) aso.



5. Ako ay may (limang, walong) lapis.





## Basahin Natin

Balikan ang kuwentong "Ang Pamimili ni Aling Sonia."



## Sagutin Natin

- Ano ang mangyayari kung hindi nagbabadyet si Aling Sonia?
- Bakit masayang umuwi si Aling Sonia?
- Bakit pinipili ni Aling Sonia ang mga produktong gawa sa Pilipinas?
- Ano ang magiging resulta ng mahusay na pagbabadyet ni Aling Sonia?
- Pag-aralan natin ang mga sagot sa kuwento. Ano ang ipinahahayag nito?
- Magbigay pa ng ibang halimbawa ng sanhi at bunga.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Matuto tayong magtipid upang may magamit sa oras ng pangangailangan.

## Gawin Natin

Pagtapatin ang sanhi at bunga.

| | |
|---|---|
| 1. Narinig nilang tinutugtog ang pambansang awit. | a. Nawalan ng tirahan ang mga lamok. |
| 2. Naglinis ang mga anak ni Nanay Rosa ng bakuran. | b. Natuwa ang kanilang punong barangay. |
| 3. Nilinis ng mga lalaki ang kanal. | c. Nagsanay nang mabuti bago pa dumating ang paligsahan. |
| 4. Nanalo siya sa paligsahan sa pag-awit. | d. Tumigil sila sa paglalakad at tumayo nang tuwid. |
| 5. Tumulong siya sa pagtatanim ng mga puno. | e. Hindi na bumaha sa paligid. |


DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sanayin Natin

Aling larawan ang nagpapakita ng sanhi? Bunga?



Larawan A



Larawan B

## Tandaan Natin

Ang **sanhi** ay nagsasaad ng dahilan ng isang pangyayari. Samantalang ang **bunga** naman ay ang epekto o resulta ng isang pangyayari.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Tukuyin ang sanhi at bunga sa sumusunod na sitwasyon.

1. Nakaligtaan ni Dodong isara ang gripo sa kusina. Nagulat ang kaniyang nanay nang makitang basa ang sahig.
2. Masayang-masaya si Lena dahil mamamasyal siya at ang kaniyang mga magulang sa Rizal Park.
3. Ang mga tao ay nagtutulong-tulong kaya umuunlad ang bansa.
4. Bumaho sa kalsada dulot ng pagtatapon at pag-iimbak ng basura roon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 7: Kalikasan, Ating Alagaan!




A. Basahin ang teksto at sagutin ang tanong tungkol dito.

1. Bata pa si Roy ay palaboy-laboy na siya sa lansangan. Ulila na siyang lubos. Sa lansangan siya natutulog. Upang may makain ay tumutulong siya sa isang karinderya bilang taga-hugas ng pinggan. Nakita ng may-ari ang kaniyang kabaitan kaya inampon at pinag-aral siya. Ano ang posibleng mangyayari kay Roy?
   Si Roy ay magiging ___________.
   a. tamad
   b. mahirap
   c. malungkot
   d. matagumpay sa buhay

2. Masinop si Gina sa buhay. Matipid siya sa pera. Hindi niya ginagastos ang kaniyang pera sa mga hindi kailangang bagay. Minsan, nagkasakit ang kaniyang nanay. Malaki ang kailangang pera para sa operasyon. Ano ang susunod na mangyayari?
   a. Hindi maooperahan ang nanay.
   b. Pababayaan ni Gina ang nanay.
   c. Wala siyang gagastusin sa operasyon.
   d. Sasagutin ni Gina ang bayad sa operasyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Piliin ang tamang anyo ng pang-uri.

3. Sina Vernie at Ana ay parehong mataas. Sila ay ________ (mataas).
   a. mataas
   b. mas mataas
   c. magkasintaas
   d. pinakamataas
4. Ang kalabaw ay masipag na hayop. Ang kabayo ay masipag din. Pareho silang katulong ng magsasaka sa bukid. Ang kalabaw at kabayo ay _______ (masipag).
   a. pinakamasipag
   b. ubod ng sipag
   c. magkasingsipag
   d. higit na masipag
5. Ang bulak ay maputi.
   Ang damit ni Lerma ay maputi.
   Ang bulak at damit ni Lerma ay ______ (maputi).
   a. magkasimputi
   b. mas maputi
   c. higit na maputi
   d. ubod ng puti




## Nagtampo ang Kalikasan

Noong unang panahon, kay ganda ng mundo
Malinis na hangin malalanghap mo
Malinaw na batis, bundok na di kalbo
Iyan ang mundong tirahan ng tao.
Lumipas ang panahon, maraming natuklasan
Imbensyon ng tao'y kaliwa't kanan
Dulot nito'y pinsalang nararanasan.
Nalungkot ang mundo, nagtampo ang kalikasan

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Polusyon ay kumalat, mapanganib sa kalusugan
Baha sa tag-ulan di na rin mapigilan.
Ano na ang gagawin sa problema ng lipunan?
Kalikasa'y nagtampo na nang tuluyan!
Sumisigaw ang mundo,
Ako ay inyong pangalagaan!
Magtanim ng maraming puno sa kagubatan
Itapon ang mga kalat ninyo sa basurahan
Maging masunurin sa batas at patakaran.



## Sagutin Natin

- Tungkol saan ang tula?
- Paghambingin ang kalikasan noon at ngayon.
- Ano-ano ang dahilan kung bakit nasira ang kalikasan?
- Ano ang mangyayari sa ating kalikasan kung patuloy na magpapabaya ang mga tao?



## Pahalagahan Natin

Ang pagtatanim ng mga puno ay isang paraan ng pangangalaga sa ating kalikasan.



## Gawin Natin

Ano ang susunod na mangyayari?

A. Ang mga tao ay patuloy na nagtatapon ng basura sa ilog.

B. Ang mga bata ay tumutulong sa paglilinis ng pamayanan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Alin sa tula ang nagsasabi ng kagandahan ng kapaligiran? Basahin ang taludtod na tumutukoy nito.



## Tandaan Natin

Unawain ang mga detalye ng isang pangyayari upang makapagbigay ng wasto at angkop na susunod na pangyayari.



## Linangin Natin

Ano ang susunod na mangyayari?

Ang grupo ng mga batang mag-aaral ay sama-samang namasyal sa plasa. Pumitas sila ng magagandang bulaklak. Tinapakan nila ang mga damo. Nagtapon sila ng basura kung saan-saan. Isang tanod ng plasa ang lumapit sa kanila.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

### Ang Mangingisda



Sa mga bayang malapit sa dagat, ang pangunahing hanapbuhay ay ang panghuhuli ng isda. Dahil sa gusto ng ibang mga mangingisda na makahuli ng maraming isda, sila ay gumagamit ng dinamita. Isa na rito si Mang Juan. Marami siyang nahuhuling isda. Kahit na ang maliliit na isda ay kasamang nahuhuli. Tuwang-tuwa siya kung maraming huli.

Isang gabi, bigla na lamang nakarinig ang taong-bayan ng malakas na pagsabog sa dagat. May sumabog palang isang bangka dahil sa dinamita.

## Sagutin Natin

- Ano ang hanapbuhay ni Mang Juan?
- Paano siya nanghuhuli ng isda sa dagat?
- Tama ba ang ginagawa niyang paraan ng pangingisda? Ipaliwanag.
- Ano kaya ang nangyari kay Mang Juan?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Ang paggamit ng dinamita sa pangingisda ay hindi magdudulot ng maganda sa karagatan. Maraming maliliit na isda ang mamamatay at maaari ding malagay sa panganib ang buhay ng tao.

## Gawin Natin

Agad na nagpalabas ng babala ang PAGASA kaugnay ng paparating na bagyo sa Samar. Pinag-iingat ang mga tao sa mga bayang daraanan nito. Hindi na pinayagan ang mga mangingisda na pumalaot sa karagatan. Pinalikas na ang mga taong nakatira malapit sa dagat.

Ngunit sa kabila nito, may mga tao pa ring nanatili sa kanilang tirahan.

Ano ang susunod na mangyayari?

a. Nagalit ang mga tao sa PAGASA.
b. Wala nang napinsala sa kanila.
c. Wala nang tumulong sa kanila.
d. Mayroon pa ring napinsala sa kanila.

## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Iguhit kung ano ang mangyayari sa dagat kung patuloy ang paggamit ng dinamita sa pangingisda.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawang Pangkat – Isalaysay ang maaaring mangyari sa mga isda kung patuloy na gagamit ng dinamita ang mga mangingisda.



## Tandaan Natin

Ang pagbibigay ng wakas ng isang kuwento ay maaaring ibatay sa sariling karanasan ng mambabasa.



## Linangin Natin

Magbigay ng sariling wakas na angkop sa talata.

1. Si Glen ay maysakit. Ilang araw na siyang may mataas na lagnat. Dinala na siya sa ospital. Dito mabilis na sinuri ng doktor si Glen. Binigyan agad siya ng gamot. Pinayuhan siyang magpahinga sa ospital ng ilang araw. Pagkaraan ng dalawang araw ay tuwang-tuwa ang mga magulang ni Glen.
2. Magkaibigang matalik sina Edna at Ching. Si Edna ay madalas lumiliban sa klase. Si Ching naman ay laging pumapasok sa klase at parating nag-aaral bago matulog sa gabi. Anumang payo ang gawin ni Ching kay Edna ay hindi ito sumusunod. Nang dumating ang kanilang pagtatapos sa ikaanim na baitang ay si Ching lamang ang nasa entablado.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

Basahin ang diyalogo at sagutin ang tanong tungkol dito.




Minsan ay nagpunta sa parke sina Amor, Minda, at Linda.

Amor: Ang gaganda ng mga bulaklak!

Linda: Mas maganda ang mga rosas.

Amor: Aba, hindi! Ang sampagita ay mas maganda kaysa sa rosas. Higit na mabango ito sa rosas. Puti ang kulay nito.

Linda: Ang rosas ay mas makulay kaysa sampagita. Iba't iba ang kulay nito. Mas malalaki pa ang mga rosas.

Minda: Naku! Huwag na kayong magtalo. <u>Magkasingganda</u> at <u>magkasimbango</u> ang dalawang bulaklak. Pagmasdan na lang natin silang mabuti. Tingnan ninyo ang nakasulat na paalala. “Huwag pumitas ng mga bulaklak,” at “Huwag tapakan ang mga damo.” Sundin na lamang natin ang mga ito upang manatiling maganda ang plasa.

Linda: Tama!

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang bagay na pinaghahambing sa kuwento?
- Paano pinaghambing ang magkakatulad na bagay?
- Paano nagkaiba ang rosas at sampaguita?



## Pahalagahan Natin

Laging sundin ang mga paalaala na makikita sa ating kapaligiran.



## Gawin Natin

Paghambingin ang mga bagay sa bawat pares.

1. plato at platito
2. unan at bulak



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Tukuyin ang salitang naghahambing sa bawat pangungusap.

1. Mas matanda ang tatay ko kaysa sa nanay ko.
2. Ang bahay nila ay mas matibay kaysa sa amin.
3. Magkasintapang ang leon at tigre.
4. Higit na magara ang kotse ni G. Ibunan kaysa kay G. Paraiso.
5. Mas sagana ang ani ng palay noong nakaraang taon kaysa ngayon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawang Pangkat – Isulat ang **A** kung ang pang-uri ay naghahambing ng magkatulad at **B** kung hindi magkatulad.

1. Magkasintamis ang atis at lansones.
2. Mas mayaman sina Rona kaysa kina Rey.
3. Higit na malayo ang Baguio sa Pampanga.
4. Mas makintab ang sahig sa sala kaysa sa kusina.
5. Mas malakas ang hangin noong nakaraang bagyo kaysa sa ngayon.

Ikatlong Pangkat – Iguhit ang inilalarawan ng bawat pangungusap.

1. Ang lobong pula ay mas maliit sa lobong puti.
2. Magkasingganda ang rosas at kamya.
3. Si Kuya at si Ate ay magkasinlusog.
4. Ang bulkan ay kasintaas ng bundok.
5. Magkasinghaba ang lapis at krayola.




Ang mga salitang magkasing, sing-, at kasing- ay naghahambing ng dalawang magkatulad na tao, hayop, bagay, o lugar.

Kung magkaiba naman ang pinaghahambing, ginagamit ang higit na at mas. Ginagamit lamang ang mga ito kung ang paglalarawan ay nasa **kaantasang pahambing**.


DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin


Ibigay ang angkop na antas ng pang-uring nasa loob ng panaklong upang makumpleto ang pangungusap.




1. (mahalaga)
   Ang aklat at diksiyunaryo ay _________.




2. (masustansiya)
   Ang gatas ay __________ kaysa sa kape.



3. (maamo)
   Ang maya ay___________ kaysa sa lawin.



4. (pula)
   Ang rosas at gumamela ay _________.



5. (matamis)
   ________ ang atis kaysa pinya.

## Basahin Natin

Basahin ang dalawang talata.

A. Nakita mo na ba ang bahay ni Dr. Jose Rizal sa Calamba Ito ang bahay kung saan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ipinanganak at lumaki si Dr. Jose Rizal Makikita mo rito ang mga lumang damit kagamitan aklat at iba pang mahahalagang kasangkapan


B. Nakita mo na ba ang bahay ni Dr. Jose Rizal sa Calamba? Ito ang bahay kung saan ipinanganak at lumaki si Dr. Jose Rizal. Makikita mo rito ang mga lumang damit, kagamitan, aklat, at iba pang mahalagang kasangkapan.




- Ano ang pagkakaiba ng dalawang talata?
- Ano-anong bantas ang ginamit sa pangalawang talata?
- Paano ito nakatulong sa talata?




Dapat nating pahalagahan at alagaan ang mga lugar na may kinalaman sa ating kasaysayan.




Iguhit ang ☆ kung wasto ang bantas na ginamit sa pangungusap at △ kung mali.

1. Kilala mo ba si Andres Bonifacio.
2. Siya ay kilalang Utak ng Katipunan.
3. Siya ay isinilang noong ika-30 ng Nobyembre, 1863 sa Tondo, Maynila.
4. Nagulat ako sa kaniyang ginawa?
5. Gusto mo bang maging katulad niya.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Sumulat ng tatlong pangungusap gamit ang tuldok.

Ikalawang Pangkat – Sumulat ng tatlong pangungusap gamit ang tandang pananong.

Ikatlong Pangkat – Sumulat ng tatlong pangungusap gamit ang tandang padamdam.

Ikaapat na Pangkat – Sumulat ng maikling talata gamit ang lahat ng bantas na tinalakay.



## Tandaan Natin

Ang **tuldok** (**.**) ay ginagamit sa mga pangungusap na pasalaysay at sa pangungusap na pautos.

Ang **tandang pananong** (**?**) ay ginagamit sa mga pangungusap na nagtatanong. Maaari din itong gamitin sa pangungusap na nakikiusap.

Ang **tandang padamdam** (**!**) ay ginagamit sa pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin.

Ang **kuwit** (**,**) naman ay ginagamit sa mga salitang binabanggit nang sunod-sunod o nasa serye.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin


Isulat ang wastong bantas ng mga pangungusap.

Ang mga babaeng iskawt ay nagkaroon ng kamping sa Los Baños (1)____ Sila ay may dalang damit(2)__pagkain(3)____ at kagamitan sa pagluluto(4)___ Wow(5)___ ang lamig naman dito (6)__Nagustuhan ba ninyo ang lugar na ito (7)_____ tanong ng kanilang guro.



## Sulatin Natin

Sipiin nang wasto ang mga parirala.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 8: Kalinisan, Panatilihin Natin!




Gawin ang hinihiling.

1. Lagyan ng **tsek** (✓) ang mga salitang magkasingkahulugan at **ekis** (×) kung hindi.
    a. malakas – mahina
    b. mayaman – mariwasa
2. Isulat ang wastong anyo ng pang-uri na nasa loob ng panaklong.
    a. Ang leon ang _________(mabangis) na hayop sa gubat.
    b. Si Ate Liza ang ________(matanda) sa aming magkakapatid.
    c. Ang bagong biling relo ng tatay ang ______(mahal) sa kaniyang tatlong relo.
3. Ayusin ang mga pangungusap ayon sa pangyayari. Isulat ang letra ng wastong sagot.
    a. Napansin nila na kakaunti na ang isdang nahuhuli sa dagat.
    b. Nasisira na rin ang mga koral sa ilalim ng dagat.
    c. Bumuo ang mag-asawang Tony at Rea ng isang samahan na magbabantay sa karagatan.
    d. Pagkaraan ng ilang buwan, muli na namang dumami ang mga isda at luminis ang tubig sa dagat.
    e. Sama-sama silang nagtungo sa dagat at naglinis ito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Alin ang dapat na unang pangungusap? Huling pangungusap? Pangalawang pangungusap?

4. Pumili ng dalawang posibleng mangyayari pagkatapos ng paglilinis at pagbabantay sa dagat.
    a. Natuwa ang mga tao.
    b. Muling lilinis ang dagat.
    c. Nawala ang mga isda sa karagatan.
    d. Dumami ang mga mangingisdang gumagamit ng dinamita.




## Operasyon Linis



Araw ng Sabado. Maagang gumising ang mag-anak ni G. Roman. Sabay-sabay silang kumain ng almusal.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

G. Roman: Natutuwa ako at maaga kayong gumising. Ngayong araw na ito ay makikilahok tayo sa paglilinis ng ating barangay.

Gng. Roman: Siyempre naman. Gusto naming tumulong sa "Operasyon Linis." Lahat ng ating mga kapitbahay ay tutulong din.

Rosa/Nena: Opo, Tatay. Sasama kami sa inyo.

G. Roman: Kaming kalalakihan ang maglilinis ng kanal.

Rosa: Iipunin ko ang mga basyong plastik at lata na pinamamahayan ng mga lamok.

Nena: Ako naman po ang magwawalis ng mga basura kasama ang aking mga kaklase.

Gng Roman: Kami ni Bunso ang maghahanda ng inyong miryenda.

G. Roman: Magaling! Kung magtutulungan tayong lahat ay magiging maganda at malinis ang ating barangay. Maiiwasan pa ang paglaganap ng mga nakahahawang sakit dulot ng maruming kapaligiran.

Gng. Roman: Mabuti naman at nagkaroon ng ganitong proyekto ang ating barangay. Lahat sila ay lumabas ng bahay at masayang ginawa ang kanilang gawain kasama ng ibang tao sa barangay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Saan pupunta ang mag-anak?
- Bakit kailangan nilang makilahok sa proyekto?
- Ano ang kabutihang naidudulot ng malinis at maayos na kapaligiran?
- Ano-ano ang gagawin ng bawat isa?
- Paano ka tutulong sa iyong barangay upang manatili itong malinis at maayos?
- Anong salita ang may salungguhit sa kuwento? Ano ang kanilang pagkakatulad?



## Pahalagahan Natin

Ang mga tao sa barangay ay dapat magtulong-tulong sa pagpapanatiling maayos at malinis ang kapaligiran.



## Gawin Natin

Isulat ang **A** kung ang mga salita ay magkasingkahulugan at **O** kung magkasalungat.

1. maganda - marikit
2. pandak - matangkad
3. mahirap - mariwasa
4. maalat - matamis
5. payapa - tahimik

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Gumawa ng poster tungkol sa pagpapanatiling maayos at malinis ng kapaligiran.

Ikalawang Pangkat – Iguhit ang isa sa mga ginawa ng pamilya sa paglilinis ng barangay.

Ikatlong Pangkat – Isadula ang diyalogo.



## Tandaan Natin

Isa sa mga paraan upang maunawaan ang kahulugan ng isang salita ay sa pamamagitan ng pag-alam ng kasingkahulugan at kasalungat ng mga ito.



## Linangin Natin

A. Isulat ang **MK** kung ang mga salita ay magkasingkahulugan at **MKS** kung magkasalungat.

1. mabigat - magaan
2. matanda - bata
3. kaibigan - kaaway
4. maliwanag - madilim
5. masaya - maligaya

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong.

Araw ng Linggo. Ang mag-anak ni Mang Tino ay sama-samang naglinis ng bahay maliban kay Romeo. Siya ay nasa labas ng bahay at naglalaro. Tinawag siya ng nanay para tumulong pero hindi siya sumunod. Si Nelly ay naghuhugas ng pinggan. Ang bunso naman ay nagdidilig ng mga halaman.

1. Anong araw naglinis ng bahay ang mag-anak ni Mang Tino?
2. Sino ang nasa labas ng bahay?
3. Bakit tinawag ng nanay si Romeo?
4. Ano ang ginagawa ng bunso?
5. Ano sa palagay mo ang gagawin ng nanay kay Romeo?



## Basahin Natin



Si Dr. Jose P. Rizal ay isang matalinong tao. Sa kaniyang murang edad ay nagpakita na siya ng katalinuhan. Nagtapos siya ng maraming kurso. Marunong siyang magsalita ng iba't ibang wika. Marami siyang isinulat na aklat na naging dahilan upang mamulat ang isipan ng mga tao mula sa pang-aapi ng mga dayuhan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

A. Sino si Dr. Jose Rizal?
Bakit nasabing siya ay matalino?
Paano namulat ang isipan ng mga Pilipino mula sa pang-aapi ng mga dayuhan?

B. Ano-ano ang pangyayari mula sa tekstong napakinggan?
Una: ______________________________
Pangalawa: ______________________________
Pangatlo: ______________________________



## Pahalagahan Natin

Ang pagiging matalino at matapang ay susi upang guminhawa ang kabuhayan.



## Gawin Natin

Ayusin ang mga pangungusap ayon sa wastong pagkakasunod-sunod.

_____a. Marami siyang aklat na isinulat na naging dahilan upang mamulat ang isipan ng mga Pilipino mula sa  sa pang-aapi ng mga dayuhan.
_____ b. Sa murang edad ay nagpakita na si Dr. Jose Rizal  ng katalinuhan.
_____ c. Nagtapos siya ng maraming kurso.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.





Unang Pangkat – Ayusin ang mga pangyayari ng kuwento. Gamitin ang **story ladder**.



Wastong Paraan ng Pagtatanim ng Halaman



Una, linisin ang lugar na pagtataniman ng halaman.
Tabunan ng lupa ang halaman.
Maaari nang diligan ang halaman.
Pangalawa, hukayin ang lupang pagtataniman
Susunod, ilagay sa hukay ang halaman.

Ikalawang Pangkat – Ayusin ang larawan ng buhay ng paroparo. Isulat ang bilang 1-4.






Ang mga salitang tulad ng **una**, **pangalawa**, at **susunod** ay ginagamit upang ipakita ang pagkakasunod-sunod o serye ng mga pangyayari.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


DEPED COPY

## Linangin Natin

Isulat sa sagutang papel ang bilang 1-5 upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari.

____a. Kailangan kasi niyang pumunta sa ibang bansa upang maghanapbuhay.
____b. Pagkaraan ng dalawang taon, nakaipon na siya ng pera para sa aming pag-aaral.
____c. Malungkot na umalis ang tatay ng araw na iyon.
____d. Magtatrabaho siya nang dalawang taon sa Dubai.
____e. Sa wakas, darating na si Tatay. Masayang-masaya kami.

## Basahin Natin



| | | |
|---|---|---|
| Jose | : | Masarap ang atis. |
| Lito | : | Mas masarap ang pinya kaysa atis. |
| Gerry | : | Aba! Ito ang tikman ninyo. Pinakamasarap ang durian sa lahat ng prutas na nakain ko. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




- Ano-ano ang prutas na nabanggit?
- Paano inilarawan ang bawat isa?
- Paano pinaghambing ang mga ito?




Kumpletuhin ang tsart. Isulat ang nawawalang pang-uri sa loob ng kahon.

| Isang tao, bagay, o lugar | Dalawang tao, bagay, o lugar | Dalawa o mahigit pa |
|---|---|---|
| masarap | mas masarap | pinakamasarap |
| mapula | | pinakamapula |
| | higit na mataas | |
| | magkasinglinaw | |




Unang Pangkat – Ihambing ang sariling bahay sa sariling paaralan at sa isang gusali sa pamayanan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawang Pangkat – Piliin ang pang-uring naghahambing sa tatlo o higit pang pangngalan.

1. Ang aking aso ang may pinakamahabang balahibo sa lahat.
2. Ang tigre ang pinakamabangis na hayop sa gubat.
3. Pinakamakulay ang kaniyang damit sa lahat ng batang babae.
4. Ang relo ng tatay ang pinakaluma niyang gamit.
5. Sa apat na magkakapatid, ang doktor ang pinakamatalino.

Ikatlong Pangkat – Isulat ang wastong antas ng pang-uri sa loob ng panaklong.

1. Ang tatay ang _______ (mabait) sa kanilang magkakapatid.
2. Ang pusa ang ________ (maamo) na hayop sa bahay.
3. Sino ang may ________ (mahaba) ng buhok sa mga babae?
4. Aling sasakyan ang _________ (mabilis) sa kalsada?
5. Sa lahat ng guro sa paaralan, si Gng. Navarro ang _________ (mabait).

Ikaapat na Pangkat – Isulat ang wastong antas ng pang-uri.

(maluwang) 1. Ang bus ay ______ na sasakyan.
(mahaba) 2. Ang tulay na San Juanico ang _____ tulay sa buong Pilipinas.
(malusog) 3. Si Erna ang _________ sa apat na magkakapatid.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

(matipid) 4. Sino ang ________ na bata sa klase?

( mabunga) 5. Ang puno ng abokado ang _______ sa lahat ng mga puno sa bukid.






Nagbabago ang anyo ng pang-uri kung naghahambing ng higit sa dalawang tao, bagay, o lugar. Ito ay ginagamitan ng unlaping **pinaka-** o pariralang **ubod ng.**

DEPED COPY




Pag-aralan ang mga larawan. Paghambingin ang mga ito. Gamitin ang mga salita sa loob ng panaklong.





(mabango) 1. Ang sampagita ang _________ sa tatlong bulaklak.

(maliit) 2. Ang santan naman ang ____________.

(mahal) 3. Ang rosas ay ang _______ sa tatlo



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

(mahalaga) 4. Sa tatlong bagay na nasa larawan, ang relo ang _____ sa akin.

(bago) 5. Ang hikaw naman ang ______ kong alahas.




**Ang Huwarang Barangay**

Ang Barangay Talon ay isang maipagmamalaking barangay. Ang mga nakatira rito ay nagtutulungan sa pagpapanatiling maayos at tahimik ang lugar. Ang magkakapitbahay ay nagkakaisa. May mga barangay tanod na nagpapatrolya sa lugar kung gabi. Lahat ng mga tao ay may disiplina. Ang mga babae ay tumutulong sa paglilinis at pagpapaganda ng lugar.

Kung may napinsala ng bagyo, taos-pusong nagbibigay ang bawat isa ng tulong. Bukas-palad na namamahagi ng mga pagkain ang mga tao. Ito ang mga dahilan kung bakit sila nabigyan ng parangal bilang "Huwarang Barangay" ng kanilang bayan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

Sagutin ang mga tanong.

- Sino ang nagtutulong-tulong sa paglilinis ng barangay?
- Ano-ano ang ginagampanan ng kalalakihan sa barangay? Ng kababaihan?
- Paano sila nagtutulungan sa panahon ng sakuna o kalamidad?
- Ano-anong salita sa talata ang binubuo ng dalawang salitang may magkaibang kahulugan?
- Ano ang  tawag sa mga salitang ito?



## Pahalagahan Natin

Ang barangay ay magiging tahimik at maayos kung nagtutulungan at nagkakaisa ang mga taong nakatira rito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Pagtambalin ang tambalang salita at ang kahulugan nito. Isulat ang letra ng iyong sagot sa iyong kuwaderno.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ___1. | hapag-kainan | a. | pinuno ng paaralan |
| ___2. | punongguro | b. | gawain o trabaho |
| ___3. | silid-aralan | c. | pag-aaral muli ng nakaraang aralin |
| ___4. | hanapbuhay | d. | mesa |
| ___5. | balik-aral | e. | lugar kung saan nag-aaral ang mga mag-aaral |



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Iguhit ang larawan ng isang malinis at maayos na barangay.

Ilakawang Pangkat – Magbigay ng mga pang-uring naglalarawan ng Barangay Talon.

Ikatlong – Magbigay ng halimbawa ng tambalang salita na hindi nagbabago ang kahulugan kapag pinagsama.

Ikaapat na Pangkat – Isadula ang ginagawa ng mga tao sa barangay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang **tambalang salita** ay isang salita na binubuo ng dalawang magkaibang salita at nagkakaroon ng panibagong kahulugan.



## Linangin Natin

Sipiin sa kuwaderno ang tambalang salita sa pangungusap.

1. Ang kapitbahay namin ay may malawak na halamanan.
2. Ang tatay ay masipag maghanapbuhay.
3. Ipinahayag niya ang kaniyang taos pusong pasasalamat sa kaniyang mga kasama sa bahay.



## Sulatin Natin

Isulat ang pangungusap sa paraang kabit-kabit.

Bukas-palad na tumutulong si Kapitan Reyes sa mahihirap.

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.